
Pa-iraya
Sa Pagserbi Sa Masa

*Enot sa gabos,*
*para sa masang Bikolano*

# *Pa-iraya*

## Sa Pagserbi Sa Masa

*punla*

*sumisibol sa gitna ng pakikibaka*

**2008**

**Ang *punla* ay ang pangkulturang dyornal ng Partido Komunista ng Pilipinas sa rehiyong Bikol**

## NILALAMAN


*Pambungad* **9**

*Ang Burabod* **17**

***Ka Che***
romulo jallores **25**

***Ka Mario***
romulo oliveros **31**

***Ka Boy***
arsenio gil lacsamana **41**

***Ka Fox***
celso minguez **49**

***Ka Andoy***
eduardo olbara **55**

***Ka Nards***
wilfredo gacosta **63**

***Ka Walter***
santos binamera **71**

***Ka Erron***
jose rapsing **77**

*Ka Alma*
nerissa san juan **83**

*Ka Wayan*
leonardo arrozo **89**

*Ka Sisa*
maria graziella miranda **97**

# Pambungad

Umaagos sa mga pahina ng librong ito ang mga kwento ng buhay at pakikibaka ng mga bayani ng sambayanan. Ang koleksyong ito ng labing-isang talambuhay ng mga Bikolanong rebolusyonaryong walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buhay para sa masa, ay bukal ng inspirasyon at dalisay na pag-aambag sa kasaysayan.

*Sila yaong namulat...*
*sa api't dalitang kalagayan ng nakararaming mamamayan,*
*na hindi hinayaan ang sariling tanggapin lang ang kinagisnang*
*realidad ng karalitaan at kawalang katarungan sa lipunan.*

*Sila yaong tumugon...*
*sa hamon na baguhin ang kasaysayan ng karukhaan ng masa.*

Ihinandog nila ang mga sarili at naglakbay pa-iraya, tinahak ang landas ng pakikibaka tangan ang dalisay na hangaring itaguyod ang kapakanan ng masa. Sa kanilang mga kwento ay pumapalaot ang mga agos sa kasaysayan ng pagpupundar at pagpapalawak hanggang maging makapangyarihang daluyong ang rebolusyon sa Bikol.

Nagsisimula ang paglahad ng kasaysayan sa buhay ni *Ka Che (Romulo Jallores)* na namulat sa makapangyarihang Sigwa ng Unang Kwarto noong 1970 sa Kamaynilaan. Kasabay ang mga kabataang aktibista, nakipamuhay at inorganisa nila ang mga magsasaka sa Camarines Sur. At naipundar ang armadong pakikibaka sa Bikol noong 1971, sa pagpupunyagi ni Ka Che at ng kanyang mga kasamahan.

*Sila yaong namuhay nang simple ngunit dakila ...*
*puspusan silang nagpanday ng sarili sa gitna ng pagsasakripisyo*
*para sa kapakanan ng masa at ng kapwa rebolusyonaryo.*

*Sila yaong mga mapagpakumbaba…*
*nagpuna ng sarili kapag nagkamali, at naging huwaran*
*sa pagpapakahusay at pagbabahagi ng sarili*

Ang diwa ng simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka ay ang buod ng kwento ni *Ka Mario (Romulo Oliveros)* na gumampan ng malaking papel sa pagsulong ng kilusan sa rehiyong Bikol mula noong dekada 60 hanggang sa kanyang pag-aalay ng buhay noong 2000. Isa siya sa pinakamahuhusay na lider ng kilusan. Bilang kalihim ng Komiteng Rehiyon, pinangunahan niya ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1992 sa Bikol.

Sa kanyang 30 taong dakilang kasaysayan ng paglilingkod sa kilusan, puno ng pagmamahal at pagdakila ang alaala ng mga kasama kay *Ka Boy (Arsenio Gil Lacsamana)*. Imahe siya ng pag-uugat sa masa at kasama. Sinamantala ni Ka Boy ang bawat pagkakataon upang matuto at magpalalim ng mga bago at wastong kaalaman at buong alab niya itong ibinabahagi sa mga kasama.

*Sila yaong mga simpleng tao na nagiging bayani...*
*sa marubdob na pagdakila sa kanilang naging bahagi*
*sa kolektibong kasaysayan ng pakikibaka sa rehiyon,*
*tinanganan ng kanilang mga ngalan ang panteritoryong mga kumand*
*ng Bagong Hukbong Bayan.*

Luwal din ng Sigwa ng Unang Kwarto ang manggagawang si *Ka Fox (Celso Minguez)* na buong-panahong kumilos sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong maagang bahagi ng dekada 70. Naging bahagi siya ng paglalatag ng armadong pakikibaka sa Sorsogon, at pagsusulong ng kampanyang masa sa rebolusyong agraryo sa Albay at Camarines Sur. Siya ang naging Regional Commander ng Regional Operational Command na nangasiwa sa mga pormasyong kumpanya noong 1986. Ang Celso Minguez Kumand ang pamprubinsyang kumand ng BHB sa Sorsogon.

Ang pamilya ni *Ka Andoy (Eduardo Olbara)* ay isa sa mga unang naugnayan nina Ka Che (Romulo Jallores) sa bayan ng Sangay. Siya, ang kanyang kapatid at ama ay sumampa sa Hukbo. Likas siyang malapit sa mga mandirigma, pagkat mabait at madaling lapitan. Personal niyang kinakausap at pinapayuhan ang kasamang may problema. Siya ang pinakaunang kumander ng pormasyong kumpanya na nakatalaga noon sa erya ng Timog Bikol (Albay at Sorsogon). Isa siya sa pinakamahuhusay na kadreng militar sa buong rebolusyonaryong kilusan. Ang Eduardo Olbara Kumand ang pamprubinsyang kumand ng BHB sa Camarines Sur.

Mahigpit na umugat sa masa si *Ka Nards (Wilfredo Gacosta)* at malaki ang kanyang naiambag sa pagtatayo ng baseng masa sa Sorsogon. Noong 1975, isa siya sa mga natirang pwersa sa "artipisyal na base" na wastong nagpasyang lumipat sa Albay. Sinikap niyang saluhin ang nalalabi pang pwersa sa gitna ng mapangwasak na unos ng kamaliang adbenturista na "ipagtanggol ang base". Pinangunahan niya ang pag-aaral at paglalagom ng nabanggit na karanasan. Noong dekada 80, ang kampanya ng masiglang teoretikal na pag-aaral ay tinawag na Freddie Gacosta Paaralang Pangkadre (FGPK).Isa ring makata si Ka Nards.

Taong 1975 nang makilala ng mga magsasaka sa bahaging Libon-Bato sa hangganan ng Albay at Camarines Sur ang mga unang kasamang nakipamuhay at nakituloy sa kanilang mga dampa. Isa si *Ka Walter (Santos Binamera)* sa mga magsasakang madaling nakapalagayan ng loob ang mga kasamang nakipagtalakayan ukol sa aping kalagayan nilang mga magsasaka. Sumampa siya sa Hukbo nang taon ding yaon, at nagbuwis siya ng buhay noong 1979. Ang

Santos Binamera Kumand ang pamprubinsyang kumand ng Albay.

Madalas masambit ni *Ka Erron (Jose Rapsing)* ang mga salitang naikintal sa isipan ng mga kasama: "Sakali mang mamatay ako sa labanan ay may pito at lampas pang mga naghihirap at inaapi na papalit sa akin para ipagpatuloy ang rebolusyon." Ang dugong tumagas nang lapastanganin siya ng kaaway noong 1991 ay kasabay ng dugo ng ilampung rebolusyonaryong martir na sumagipsip sa lupang tigang ng Masbate. Ang Jose Rapsing Kumand ang pamprubinsyang kumand ng BHB sa Masbate.

Pagha-got ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng pamilya ni *Ka Alma (Nerissa San Juan)*. Sa gitna ng kasiglahan ng pagpapakilos sa mga parahagot sa Catanduanes, siya'y namulat at sumampa sa Hukbo. Bilang babae at mandirigma, hinarap niya ang hamon na mapahusay ang sarili. Hindi naging hadlang ang kanyang limitasyon sa literasiya, nagsanay siya sa gawaing medikal. At buong sigasig at sigla siyang nagbigay ng serbisyo medikal sa masa. Ang Nerissa San Juan Kumand ang pamprubinsyang kumand ng BHB sa Catanduanes.

*Sila yaong nagmalasakit ...*
*buong siglang nagbigay ng pag-aaruga sa masa*
*at kasamang may karamdaman, sugatan o naghihingalo.*
*Ngiti ang laging salubong sa masa, at puno ng saya*
*ang kanilang pakikihalubilo sa kasama.*

*Dok Wayan!(Leonardo Arrozo)* ang magiliw na tawag sa kanya ng matatanda't batang napamahal na sa kanya nang lubos. Hindi naging limitasyon ang kasalatan sa edukasyon para maging doktor ng masa. Lagi niyang bitbit sa mabigat na pak ang mga gamot, dental set at gamit na pangkuha ng blood pressure. Bahagi ng kanyang karaniwang maghapon ang walang kapagurang pag-asikaso sa mga nangangailangan ng kanyang serbisyo medikal.

Makwento, masayahin at madaling makapalagayang-loob si *Ka Sisa (Ma. Graziella Miranda)*, ang medik ng masa. Matapos siyang makadalo sa Batayang

Pagsasanay sa Kursong Medikal, mahusay niyang hinubog ang kakayahan sa praktika. Puno ng tawanan at kantahan ang integrasyon niya sa masang magsasaka at mga kasama. Bahagi na ng kanyang buhay at pakikibaka ang masining na pamamaraan ng pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa ng kanayunan.

*Sila yaong patuloy na nabubuhay...*
*sa puso't diwa ng masa at ng bawat rebolusyonaryong*
*masikhay sa pagpupunyaging ipagpatuloy ang mga*
*adhikaing kanilang pinagbuwisan ng buhay.*

*Sila yaong walang pag-iimbot na nag-ambag…*
*upang patuloy na umagos ang kasaysayan*
*na siyang magtitiyak na mapapawi*
*ang karalitaan at kaapihan.*

*Sila yaong mga simpleng tao…*
*na naging bayani at minahal ng masa.*

## *Ang Burabod*

1.

Humuhugong ang lagaslas ng mga sapang
Bumukal sa paanan ng Isarog
Ibinubudyong ang pagkakasalok
Mula sa istorikong bukal
Ng kalyuhing mga palad, sunog na balat –
Makapangyarihang uring napukaw
Pinagdugtong ang mga sagurong
Upang abutin
At pigtain din
Ang uhaw ng mga parakopras, paraha-got,
Kapwa magbubukid, kapwa anakpawis
Mula sa  kapatagan ng  Tigaon
Tungo sa mga abakahang Catandunganon

At mula sa kolektibong burabod, humugot ng lakas
Sumampa sa mga balangay
At kumawing sa epikong paglalayag

2.

Sinala ng mga suson ng buhangin at bato
Kinatas at pinakislap ng paglilinang ng panahon,
Pinakadalisay na daloy itong pinatatagas ng burabod
Upang mapag-apaw ang mga tigang na tapayan
Mapagputik ang mga araruhin
Diligin ang mga nanlulumong palayan
Sumuhay sa buhay, at gayundin,
Ang landas pailawod ay hubugin

3.

Katulad ng pag-apuhap ng kaibabawan ng ilog sa mga litaw na bato
Para lamang pakinisin yaong magagaspang
Kibkibin yaong mga tila walang-tigatig na hadlang
Mag-ukit ng kanal, maglilok ng basalto
Tumingkab ng lagusan para sa pagdagsa ng baha

4.

Raragasa mula sa iraya
At kakabigin ang laksang pagbuhos
Ng mga sumasangang sapa

Upang ang tilamsik ay magsupling ng bugso,
Ang banayad na daloy – maging dakilang busay!

Paano'ng hindi makapagdudurog
Ng mapagsalaulang lumulusob
Sa mga tagudtod ng Juban, ng Mandaon, ng San Andres?
Paano'ng hindi makapagpapaguho
Ng imbing mga balwarte sa Villahermosa,
Sa Tulay na Lupa, sa Kuta Elias Angeles?

Paano'ng hindi makapag-papatag ng tatlong dambuhalang bundok?

Di-magagaping daluyong ang hukbong nilikom
Mula sa di-maibsang bukal ng puwersa at dunong

5.

Nililirip ang mga bitak, mga siwang,
Pinakamakikipot na agwat
Sa mga pampang, sa mga dalisdis
Sa mga di-malimit tawiring batis
Sumusuot sa mga limot at di-tuklas na sukal
Upang doon nga'y magsarumsom, mag-ipon ng lakas,
at marigmat na mag-antabay
sa magkakatugmang pagligwak

6.

At kung mangyaring palabuin ng putik
O ng natupag na lupang sumanib,
Kung mangyaring mabalaho sa lusak
Masalinan ng gapok at mga naaagnas,

Mag-agap. Sagapin ang ragpà
Siyasatin pabalik ang makasaysayang ruta
Sugsugon ang burabod ning katanosan!
Muling tuntunin ang kadalisayan
Maglanggas ng sugat
At maghugas ng pinsala

7.
Nang sa gayo'y
Lumatag muli ang kalinisan ng tubig
Maaninag sa kinang ang makauring pagkatig
Mag-anyaya't sumagipsip sa mga nais lumusong,
At sumulong
Sa pag-arok sa mga libtong
Sa paglangoy sa mga nayon
Mapagbagong-sigla ang pagkampay
At mapagbagong-tibay ang katatagan

8.
Agos nga itong dumilig sa pagpunla –
Nagpapayabong sa mga kabàsan
At nagpapakalansing sa mga uhay
Nagpapapusag sa mga lawa't palaisdaan
At nagpapahitik sa mga pag-arya

Pinagaganit ang mga hikot,
Pinakikislap ang mga asyab

9.

Hanggang sa malipos ang bukana ng mga sabangan
Ng pulu-pulutong na anakpawis
Na humugos mula sa mga burabod

At ngayon nga, tulad ng alon
Ay nagtitipon sa mga pantalan
Kinakalag ang mga angkla
At tinuturusan ang layag ng kanilang taliba

Magkakatugon na gumagaod
Sa kanilang epikong pakikibaka
At pumapalaot
Sa aliwalas ng Tagumpay



# Ka Che

romulo jallores

Si Kasamang Romulo Jallores ay pinanganak noong Nobyembre 8, 1945 sa Brgy Moriones sa bayan ng Ocampo, Camarines Sur. Nag-aral siya sa Moriones Public High School at  Sta. Clara Academy.

Bata pa lamang si Romulo, ayaw na nitong makakita na may inaapi. Ayon sa kanyang ina, ang mga katulong ay ayaw niyang makitang pinagagalitan o inaaba. Kinakampihan niya ang mga kalarong palaging api at talu-talunan. Likas din sa kanya ang pagiging matulungin. Palagi niyang sinasabihan ang kanyang ina na mamigay ng damit sa mga nangangailangan.

Natigil siya sa pag-aaral noong siya ay nasa ikatlong taon sa hayskul dahil sa hirap ng buhay. Pero nagpatuloy ang kanyang hilig sa pagbabasa. Lagi siyang uhaw sa kaalaman at mahilig makipagtalakayan. Gusto niyang alamin ang halos lahat ng bagay, laluna ang tungkol sa tunay na kalagayan ng mahihirap sa kanyang paligid.

Tulad ng iba niyang kapatid, kinailangan niyang lumuwas ng Maynila upang magtrabaho. Sa loob ng limang taon, samu't saring  trabaho ang kanyang pinasukan - naging tagalinis ng kotse, kapatas sa konstruksyon, hanggang sa naging katulong siya sa talyer ng isang kamag-anak.

Sa Maynila siya naugnayan at namulat ng mga estudyante at manggagawang aktibista. Naging aktibo siya sa pagkilos noong Sigwa ng Unang Kwarto ng dekada

70. Kasama siya sa mga nag-organisa sa mga manggagawa sa pabrika. Kalahok siya sa mga pulong pag-aaral sa mga eskwelahan at sa mga demonstrasyon sa Mendiola.

Sa naganap na *"Siege of Malacañang"* siya tinawag na Che ng mga kasama. Sa isang litrato na lumabas sa mga pahayagan noon, kamukha niya ang rebolusyonaryong si Che Guevarra. Sa litratong iyon, nakasakay siya sa trak ng bumbero na naagaw at isinugod ng mga aktibista sa gate ng Malakanyang. Mula noon, Ka Che ang naging popular niyang palayaw sa mga aktibista sa Maynila. Pag-uwi niya sa Bikol, Ka Che na ang kanyang pakilala sa mga kabataan, magsasaka at manggagawang bukid na kanyang inorganisa.

Bago magtapos ang taong 1970, pinangunahan ni Ka Che ang pagtatayo ng *Bagong Katipunan* sa Camarines Sur. Kasabay nito, naitayo din ang *Lakas ng Kabataan sa Sorsogon* at ang *Katipunan ng Bagong Kabataan* sa Albay. Ito ang unang mga pambansa-demokratikong organisasyon sa mga kalunsuran at sentrong bayan ng Bikol. Sa unang panrehiyong kumperensya ng *Kabataang Makabayan (KM)* na idinaos sa Sorsogon noong Marso 1971, ang mga organisasyong ito ay pormal na naging mga tsapter ng *KM*.

Nagpunyagi si Ka Che kasama ang iba pang kabataang aktibista sa pagtangan sa wastong linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Binigo nila ang pagtatangka ng mga ahenteng maka-Lava na impluwensyahan ang *Bagong Katipunan*.

Agad silang sumabak sa gawaing masa sa bahaging Tigaon-Ocampo. Sa hanay ng mga manggagawang bukid sa isang asyenda ng tubuhan sa Ocampo sila unang nag-organisa. Inugnayan din nila ang kanyang mga kamag-anak sa mga bayan ng Sangay at Tigaon. Inabot din ng kanilang pag-oorganisa ang mga bayan ng Goa, Tinambac, Baao, Iriga at Buhi.

Hinangaan ng masa si Ka Che dahil sa kanyang katatagan sa prinsipyo. Kapansin-pansin din ang kanyang taas na anim na talampakan. Katangian din niya ang pagiging masayahin, palabiro, at maliksi sa pagkilos. Asintado din siyang gumamit ng baril.

Malinaw kay Ka Che ang pangangailangang maitayo ang hukbong bayan sa Kabikolan. Kaya lahat ng kanyang mga pagsisikap ay tungo sa pagtatayo

nito. Di nagtagal, bumuo na rin sila ng isang armadong pangkat. Nakilala ito sa tawag na "armadong *KM*." Kasabay ni Ka Che sa armadong pangkat ang nakatatanda niyang kapatid na si Ka Benjie (Ruben Jallores).

Ang armadong pangkat nina Ka Che ay agad namang naugnayan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Marso 1971, pormal silang binuo bilang kauna-unahang yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Bikol. Ito ang kauna-unahang Sandatahang Yunit Pampropaganda (SYP) sa Bikol na nasa ilalim noon ng rehiyong Timog Luzon. Tumulong din si Ka Che sa pagsasanay ng mga kadreng magbubukas ng sonang gerilya sa mga prubinsya ng Albay at Sorsogon.



**Isa sa mga kabataan noong dekada 80 na tumugon sa panawagan ng armadong pakikibaka sa kanayunan**

Agosto 21, 1971, naganap ang unang labanan sa rehiyon. Kinubkob ng mga elemento ng Philippine Constabulary (PC) ang yunit nina Ka Che na nakahimpil sa isang bahay sa sityo Mambulala sa Brgy San Pedro, Iriga City. Magiting na dumepensa sina Ka Che. Napatay nila ang isang sarhento ng PC at nasamsam nila ang isang riple. Nagbuwis ng buhay sa labanan si Ka Goryo at ang anak na dalaga ng may-ari ng bahay na si Celia Naldo. Sa tulong ng masa, nakaiwas sina Ka Che sa pagtugis ng 600 na PC na nag-operasyon sa loob ng isang buwan.

Mabilis na dumami ang mga armas ng BHB sa tulong ng mga kaibigan, kamag-anak at masang naugnayan. Bago matapos ang taon, umabot na sa dalawang iskwad ang bilang ng mga pulang mandirigma sa Camarines Sur na hinati sa limang tim.

Disyembre 18, 1971, muli silang napalaban sa isang baryo sa Tigaon. Nasugatan doon si Ka Che. Dahil sa walong tama ng bala at *shrapnel* sa katawan, kinailangan niyang magpagamot at magpahinga.

Disyembre 30, 1971, natunton ng mga PC ang lugar kung saan nagpapagaling si Ka Che. Nalaman ng kaaway na siya ay nasa pangalawang

palapag ng isang apartment sa Ateneo Avenue sa Naga City. Sumugod ang isang pangkat ng PC sa pamumuno ng Provincial Commander na si Col Antonio Habulan. Pilit nilang pinasusuko si Ka Che, na binansagan nilang "Kumander Tangkad." Pero hindi natinag ang kanyang paninindigan. Lalo niyang hinigpitan ang hawak sa kanyang kalibre 45.


**Magigiting na hukbo ng mamamayan, dekada Otsenta**

Lumaban si Ka Che sa mga PC na sumukol sa kanya. Nakipagbarilan hanggang sa huling hininga. Nang humupa ang usok ng labanan, patay ang PC na si Lt Segundino Agahan. Dito ibinuwis ni Ka Che ang kanyang buhay. Tadtad ang kanyang buong katawan ng mahigit 22 tama ng bala.

Binurol ang kanyang labi sa simbahan ng Tigaon. Dinakila at pinarangalan siya ng mga estudyante, kabataan, magsasaka at parahag-ot na nagdagsaan sa kanyang burol. Binigyang pugay siya ng mga taong kanyang naimulat. Nakasuot ng damit na pula ang kanyang mga kamag-anak, bilang pakikiisa sa simulaing kanyang pinaglaban. Libu-libong tao ang naghatid kay Ka Che sa kanyang huling hantungan.

Taong 1986, ipinangalan kay Kasamang Romulo Jallores ang panrehiyong kumand ng BHB sa Bikol bilang paggunita sa kanyang pagpupunyaging maipundar ang armadong pakikibaka sa rehiyon at mailapat ang Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kongkretong kalagayan ng Bikol.



# Ka Mario

romulo oliveros

Ipinanganak si Kasamang Romulo Oliveros sa isang pamilya ng mayamang magsasaka sa Buhi, Camarines Sur noong 1950. Nagtapos siya doon ng elementarya bilang *class valedictorian*. Napansin ng isang pari ang kanyang angking sipag at kagandahang-loob at tinulungan siyang makapasok ng hayskul sa Ateneo de Naga, kung saan nagtapos siyang may mataas na karangalan.

Gawa ng kahirapan, kinailangang magtrabaho ni Romulo upang makapasok sa kolehiyo. Namasukan siya sa *electrical department* ng *Colgate-Palmolive* habang kumukuha ng kursong *Commerce* sa *University of the East*. Doon na siya unang naugnayan ng kilusan at naorganisa sa *Kabataang Makabayan (KM)*. Aktibo siyang kumilos sa KM kung saan humawak siya ng mahahalagang tungkulin.

Noong 1972, nang ideklara ang *Martial Law*, imbes na matakot ay ipinagpatuloy niya ang paggampan sa mga rebolusyonaryong gawain, naging kasapi siya ng Partido Komunista ng Pilipinas. Itinalaga siya sa isang organong pandistrito sa Maynila bilang organisador sa mga manggagawa at komunidad.

Mula noon hanggang sa kahuli-hulihan, nag-alay si Ka Mario ng kanyang lakas at panahon bilang isa sa pinakamahuhusay na kadre ng rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa.

Bilang huwarang kadre at lider, maraming mahahalagang gawaing Pampartido ang ginampanan ni Ka Mario. Noong dekada Sitenta, gumampan

siya ng malaking papel sa pagsulong ng kilusan sa rehiyong Bikol hanggang sa pagbubuo ng regular na komiteng panrehiyon.

Noong 1974, naging kasapi siya ng *Bicol Technical and Liaison Staff*, na may tungkuling kumontak at makipag-ugnayan sa mga kasama sa Timog Luzon at sa ibang bahagi ng bansa. Sa huling bahagi ng taong ito, isang serye ng pag-aresto ang dumurog sa grupong kinapapalooban ni Ka Mario, ngunit nagsikap siyang umugnay muli sa mga kasama at nagpatuloy sa pagkilos sa puting purok.

Noong 1975, naging kasapi siya ng bagong-tatag na *Ad Hoc Urban Committee* sa Bikol. Pagkaraan ng isang taon, isa siya sa mga naging unang kasapi ng *Ad Hoc Regional Committee* at mula noon ay buong-panahon nang itinalaga sa paggampan ng gawain sa kanayunan.

Noong 1977, itinalaga siya sa gawaing instruksyon, na nagluwal ng balangkas ng bersyon ng Bikol ng *Saligang Kursong Pampartido (SKP)*.

Noong 1978, itinalaga siya sa isang komiteng purok kung saan kanyang pinangunahan ang pagsusulong ng kumprehensibong gawaing panteritoryo sa patnubay ng dokumentong *Ang Mahigpit Nating Tungkulin (MNT)*.

Noong 1979, binuo ang isang Pansamantalang Komiteng Rehiyon sa Bikol (PKR-BK). Isinagawa rin ang unang bats ng pag-aaral sa BKP, na pinangunahan mismo ni Ka Mario katuwang ang nasa Pambansang Kawanihan sa Instruksyon. Naging kalihim siya ng Komiteng Subdistrito ng isang erya sa Camarines Sur.

Pagdating ng dekada Otsenta, nasa unahan si Ka Mario ng pag-unlad ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon at pag-alalay dito sa gitna ng paglihis.

Noong 1981, dumalo si Ka Mario bilang delegado sa Unang Panrehiyong Kumperensya at nahalal siyang kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon (KT-KR). Sa mga panahon ding ito, nagsimulang sumikad ang kumprehensibong gawaing masa sa rehiyon.

Matatag na nanindigan si Ka Mario maging sa gitna ng matinding adbenturismong militar, papalalang paglihis sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, pagbagsak ng baseng masa at iba pang kahirapang ibinunga ng sitwasyon. Hinarap niya ang kagyat na mga problemang pang-organisasyon sa abot ng kanyang makakaya.

Pagkatapos ng ilang panahon, naging kagawad siya ng kalihiman ng KR.

Isa sa mga tungkulin niya ang pangangasiwa sa gawaing urban. Sa pamamagitan ng kanyang mahusay na paggabay, lagi't laging naibabangon at muling napapasigla ang kilusang masa sa lungsod tuwing pinapabagsak ito ng pasistang kaaway.

Pinangunahan ni Ka Mario ang paglulunsad ng Ikalawang Panrehiyong Kumperensya noong 1986. Matingkad sa alaala ng mga kasama ang madamdaming pagbubukas niya noon ng kumperensya. Hindi niya natapos ang kanyang pambungad na mensahe dahil naging napaka-emosyonal niya. Labis niyang ikinagalak ang naging bunga ng lahat ng paghahanda para sa kumperensya kaya't napaiyak siya. Siya ang ibinotong kalihim ng Komiteng Rehiyon ng lahat ng delegado sa kumperensya. Linagom dito ang huling limang taon ng rebolusyonaryong gawain sa rehiyon.

Ang mga taong 1987 at 1988 ang pinakamabigat para kay Ka Mario kung ang pagharap sa mga pinakamalalang epekto ng mga pagkakamali sa Partido ang pag-uusapan. Hindi niya maitago ang kanyang galit sa mga maling aktitud ng mga kasama tulad ng pag-inom at paglabag sa disiplina. Linabanan niya ang ganitong mga gawi at ipinokus na lamang niya ang kanyang sarili sa pag-aaral ng iba't ibang aspeto ng rebolusyonaryong gawain sa rehiyon upang mapangibabawan ang masamang epektong dulot ng mga paglihis.


**Masiglang talakayang pang-edukasyon sa hanay ng mga kasama**

Pinangunahan niya ang maraming pagsasanay at pag-aaral tulad ng *Freddie Gacosta Paaralang Pangkadre (FGPK)* at ng paglalagom ng gawaing masa at rebolusyong agraryo, at iba pang mahahalagang proyektong mapagpasya sa konsolidasyon ng Partido sa rehiyon.

Tiniyak niyang hindi lumaki ang pinsala sa kilusang masa sa urban pagkatapos isalbeyds ng militar ang ilang mga lider nito noong 1989.

Bilang kalihim ng KR, pinangunahan ni Ka Mario ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1992. Nang dumating ang mga dokumento ng Pagwawasto, hindi siya nagdalawang-isip sa pagyakap ng kampanyang pag-aaral para sa pagpawi ng mga kamalian at muling pagbubuo ng kilusan.

Ipinagpatuloy niya ang pag-aaral at pagsasadokumento ng anumang magpapaunlad sa alinmang aspeto ng rebolusyonaryong gawain, laluna ang gawaing masa. Ang pagsusulat ng *Gabay sa Gawaing Masa (GGM)* ang isa sa mga kongkretong ambag ni Ka Mario sa mapagpasyang pagbawi ng baseng masa ng buong kilusan sa rehiyon.



**Ang mga kabundukan ng Albay ang isa sa matatatag na kanlungan ng mga kasama.**

Personal niya ring diniinan ang kahalagahan ng Tatlong Antas na Kursong Pampartido. Dagdag pa, pinamunuan niya rin ang pagsusulat ng borador ng *12-taong Paglalagom ng Rehiyon*, na naging susi sa paglulubos ng kilusang pagwawasto sa Bikol.


Sa kanyang mahusay na pamumuno, lahatang panig na umabante ang rebolusyonaryong gawain sa Bikol hanggang sa ganap na naitayo ang mga Komiteng Prubinsya.

Malalim ang pagkakaugat ng naging kontribusyon ni Ka Mario sa kilusang rebolusyonaryo sa rehiyon. Ayon sa isang kasama, inaani pa natin hanggang ngayon ang binhing kanyang ipinunla. Kahit wala na siya, naibahagi niya sa mga kasama ang malalim niyang pagsapol sa batayang mga prinsipyo at sa partikular na sitwasyon ng rehiyon. Mahusay niyang naitakda ang direksyon para sa lahatang-panig at sustinidong pagsulong ng kilusan sa Bikol.

Para sa mga kasamang nakakakilala kay Ka Mario, siya ay tahimik ngunit malalim na tao, mapagkumbaba at payak, ngunit matalino at matatag. Mahinahon at sa pinakasimpleng paraan niya ipinapahayag ang kanyang opinyon sa maraming pagkakataong nahaharap siya sa ibang pagtingin ng ilang kasama.

Binibigyan niya ng pagkakataon ang ibang kasama upang ipahayag ang kanilang damdamin. Tahimik siyang nakikinig sa lahat.

Kung ang pasya ng kolektibo ay taliwas sa kanyang sariling pagtingin, ipinapailalim niya rito ang kanyang sarili bilang pagrespeto sa prinsipyo ng demokratikong sentralismo at kolektibong pamumuno. Dahil sa kanyang malalim na pagkaunawa sa mga batayang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang kanyang pagtingin ay kadalasang napapatunayang tama. Matatag siyang naninindigan sa kanyang opinyon ngunit maingat niya itong ipinapaliwanag upang ipaunawa sa iba ang kawastuhan nito.



**Higpit ng hawak sa baril at prinsipyo ang nagpapatibay sa pagkakaisa ng mga kasamang Hukbo.**

Pinaunlad ni Ka Mario ang kanyang mahusay na pagkaunawa ng teorya sa pamamagitan ng maraming oras ng pagbabasa at pag-aaral. Matalas niyang nailalapat ang mga kaalamang ito sa praktika, at isinasagawa ito nang may mahusay na pag-aanalisa, pagbubuod at pagpapahayag nito sa pinakasimpleng paraan. Ang kanyang di-matatawarang kakayahan sa pagsusulat ay nakatulong sa pagbubuo ng mahahalagang dokumento at pasya sa rebolusyonaryong gawain sa Bikol.

Siya rin ang nanguna sa malawakang paggamit ng kompyuter sa rehiyon. Pinag-aralan niya ang paggamit nito at laging handang ibahagi sa iba ang kanyang kaalaman sa modernong teknolohiya para sa ikasusulong ng rebolusyon.

Wala siyang trabahong inatrasan, maging pisikal. Hindi siya nag-alangang tumulong sa pagkuha ng kahoy, pag-igib ng tubig, pagluluto o paghuhugas ng pinggan.

Maging sa gitna ng krisis, hindi kailanman lumayo sa rebolusyon si Ka Mario. Nanatiling matatag ang kanyang paninindigan sa rebolusyon sa harap ng sakripisyo at kahirapang kaakibat ng kanyang mga responsibilidad.

Nang punahin ang kanyang kakulangan sa integrasyon sa ibang kasama,

nagsikap siyang paunlarin ang kanyang relasyon sa kanila. Kahit na maaari naman niyang gawing dahilan ang kanyang likas na pagiging tahimik, nagpursige siyang ituwid ang kanyang pagkukulang. Ngunit marami rin namang ibang kasamang may pagtinging madali siyang lapitan at madaling makasundo kahit sa personal na antas. Ang kanyang paggabay sa usapin sa pulitika at maging sa mga personal na usapin ay naging bahagi na ng buhay ng maraming kasama.

Kahanga-hanga ang kanyang lubos na pagpapahalaga sa kapakanan ng mga kasama. May isang pagkakataong binigyan niya ng tsinelas ang isang kasamang nangangailangan nito. Pagkuwa'y napansin na lamang ng kasama na nakayapak na lang si Ka Mario.



Masasayang ngiti ang salubong ng mga anak ng magsasaka sa paparating na mga kasama.

Walang bahid ng pagmamalaki si Ka Mario. Minsan ay nakituloy sila sa isang baryong hindi pa gaanong naaabot ng kilusan. Bagamat pagod at gutom, hindi nagreklamo o nanghingi ng pagkain si Ka Mario. Tumulong na lamang siya sa pagtatanim ng palay. Gawa ng init at gutom, nahimatay ang kasama. Hindi siya nalimutan ng mga tao doon at ang kwentong ito ang naging tuntungan ng mga kasama upang mapaunlad ang kilusan sa erya.

Bukod sa pagiging ulirang rebolusyonaryo, hindi rin nakaligtaan ni Ka Mario ang pagtataguyod ng isang rebolusyonaryong pamilya. Mahal na mahal niya ang kanyang asawa at mga anak. Mayroong mga nakatakdang pagbisita ang kanyang pamilya sa kanayunan upang hindi niya maiwan ang mahahalagang gawain.

Nang magkasakit ang isa niyang anak, ginugol niya ang kanyang bakasyon sa isang pampublikong ospital. Hindi siya humingi ng tulong pinansyal sa organisasyon, bagkus ay pumila na lamang sa *charity ward*. Noong kinailangan nang operahan ang bata ay saka lamang siya humingi ng tulong sa organisasyon,

dahil na rin sa pamimilit ng ibang malalapit na kasama. Patuloy niyang sinubaybayan ang kalagayan ng anak niyang ito. Palagi rin siyang mayroong litrato ng lahat ng kanyang mga anak sa loob ng pitaka.

May pagmamahal din si Ka Mario para sa sining, musika at kultura. Ang kanyang paghanga sa magagandang mga obra ay nakatago sa kanyang simple at di-makasariling buhay kaya't kaunti lamang ang nakakaalam nito. Gustung-gusto niya ang mga klasikal na musika, klasikal na mga nobela, mga nililok na obra at magagandang pelikula. Taglay niya ang pagpapahalaga sa pagpapataas ng masining na pamantayan habang mulat na ikinukumbina ang pampulitikang pamantayan sa sining at panitikan. Mayroon din siyang naisulat na mga tula.

Ang mga kasama ng henerasyong ito at ng mga susunod pang henerasyon ay makakakuha ng di-matutumbasang mga aral mula sa buhay at pagkilos ni Ka Mario. Ang kanyang halimbawa at paggabay ay malalim nang nakaugat sa puso ng maraming rebolusyonaryong masigasig na nagpapatuloy ng pakikibakang pinaglaban ni Ka Mario at ng lahat ng rebolusyonaryong martir.

Maaaring patayin ng kaaway ang pinakamahuhusay sa atin, ngunit sa puso ng rebolusyon, mananatili silang buhay magpakailanman.

Matalinghaga ang inspirasyong iniwan ni Ka Mario upang sikapin nating maging tunay na mga proletaryado, sa pag-alay ng ating husay sa masa at sa rebolusyon, hanggang sa huling hininga.

\- - -

*Nakilala rin siya ng mga kasama at masa bilang Ka Pekto, Ka Ipe, o Ka Edel. Nagbuwis ng buhay si Ka Mario, kasabay ang apat pang kasama, sa isang depensibang labanan noong Hunyo 7, 2000 sa Camarines Norte. Sinikap pa sana niyang maitakas ang mahahalagang dokumento at kagamitan ng Partido, ngunit hinagip siya ng mga punglo mula sa blocking force ng pasistang kaaway.*





# Ka Boy

arsenio gil lacsamana

May bantayog na ibinabaon sa puso't diwa ng masa. May dambanang muli't muling ipinupundar, pinatatayog ng mga kasama. Muog na siyang ititindig at imumuhon sa harap ng tarangkahan ng kaaway, at siya ring dadagok at dudurog sa kanila.

Ang muog na ito'y si Ka Boy, hinubog at pinatatag ng rebolusyon. Mula sa mataas na saray ng petiburgesya, tinibag niya ang kanyang uri at piniling tahakin ang landas ng proletaryado.

Si Ka Boy, na nakilala rin bilang Ka Burol, Ka Mumar at Ka Angel, ay may dakilang kasaysayan ng paglilingkod sa rebolusyonaryong kilusan sa loob ng 30 taon.

Sa rebolusyon unti-unting dinurog ni Ka Boy ang pinagmulang uri at hinubog ang sarili bilang tagapaglingkod ng sambayanan.

Ipinanganak si Kasamang Arsenio Gil Lacsamana noong Agosto 29, 1950 sa Maynila. Hindi naging mahirap para sa kanyang mga magulang na mabigyan siya ng sapat na edukasyon. Nag-aral si Ka Boy sa *De La Salle High School* sa Lipa, Batangas. Nagtapos siya ng kursong *Liberal Arts* at *Education* sa *De La Salle University* sa Maynila. Kumuha rin siya ng masteral degree sa History sa UP. Pinangarap din niyang maging pari.



Subalit higit na nanaig kay Ka Boy ang lubusang paglilingkod sa

sambayanan. Unang taon pa lang niya sa kolehiyo, naging aktibista na siya. Nakadalo siya sa unang demonstrasyon ng *De La Salle University* noong 1970, kung saan pinasista ang mga estudyante sa harapan ng Kongreso.

Mula noon, naging aktibo si Ka Boy sa mga demonstrasyon, rali at *discussion groups* ng *Kabataang Makabayan (KM)* at ng *Samahang Demokratiko ng Kabataan (SDK)* noong ikalawang hati ng 1970. Naging secretary general siya ng *Student Alliance for National Democracy (STAND)* noong 1974.

Hindi lamang mga demokratikong karapatan at kahilingan ng kabataan ang ipinaglaban ni Ka Boy. Nakipamuhay at nag-organisa din siya ng mga mangingisda sa Parañaque at Rizal, sa ilang pabrika sa Mandaluyong at sa komunidad ng mga manggagawa sa Sta Mesa, Maynila.

Sa araw mismo ng pagdeklara ng mapanupil na *Martial Law* noong Setyembre 21, 1972, sumumpa siya bilang kandidatong kasapi ng Partido Komunista. Pagkatapos ng dalawang taon, naging ganap na siyang kasapi ng Partido. Nakilala siya ng mga kasama sa kalunsuran bilang Ka Burol.


Bilang pagtugon sa estratehiya ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan, ilinipat si Ka Boy sa rehiyong Bikol noong Pebrero 1975. Walang pag-aatubiling tumalima siya sa paggampan ng mahahalagang gawain sa pagpupundar ng rebolusyon sa Bikol. Una siyang itinalaga bilang pangalawang kalihim ng *Bicol Liaison and Technical Staff*, na siyang nangasiwa sa koordinasyon ng gawain sa kilusang lihim. Nang lumao'y naging pangalawang kalihim siya ng Ad Hoc Komite sa Puting Purok sa Bikol, na siyang namuno sa pagsusulong ng kilusang masa sa kalunsuran. Isa si Ka Boy sa mga delegado sa ikalawang plenum ng Ad Hoc Komite noong Nobyembre 1976 hanggang Pebrero 1977. Kabahagi si Ka Boy sa masikhay na nagpursige para maitayo at mapayabong ang kilusang lihim sa kalunsuran.

Nobyembre 1978, itinalaga si Ka Boy sa gawain sa kanayunan. Nakilala ng masa at hukbo ang mapagpakumbabang kasama bilang Ka Angel at Ka Mumar. Nakatulong siya sa gawain ng Sandatahang Yunit Pampropaganda (SYP) at ng Pangkat sa Pagpapatatag (PPT) na nagtayo ng baseng masa sa bahaging Oas, Albay.

Itinalaga si Ka Boy bilang kalihim ng istap sa *Silyab* noong Marso 1979. Siya

rin ang naging pangalawang kalihim ng Panrehiyong Kawanihan sa Instruksyon noong Setyembre 1979. Pinangunahan ni Ka Boy ang pagpapalaganap ng bagong Batayang Kursong Pampartido (BKP) sa buong rehiyon.

Taong 1980, naging kalihim siya ng Panrehiyong Kawanihan sa Propaganda habang gumagampan din siya ng mga gawain sa Panrehiyong Kagawaran sa Edukasyon. Mula l980 naging kalakaran na sa Bikol ang pagbibigay sa kasapian ng Partido ng 13 paksa ng BKP bilang pambansang kurikulum. Sa paraang ito, kumprehensibong natalakay ang mga saligang linya at prinsipyo. Pinangunahan niya ang masiglang kampanyang edukasyon para maihanda ang mga kadre at kasapi ng Partido sa pagharap sa mahahalagang usapin kaugnay sa rebolusyonaryong pagkilos.



**Patuloy na pinasisigla ng mga kasama at masa ang pagpapalaganap ng Silyab.**

Mula noong huling bahagi ng 1982, masikhay na gumampan si Ka Boy ng mga gawain sa pagtatayo ng baseng masa sa kanayunan. Itinalaga siyang kalihim ng komiteng subdistrito na sumasaklaw noon sa ilang bayan ng unang distrito ng Albay at ikaapat na distrito ng Camarines Sur. Naging kalihim din siya ng komiteng distrito na sumasaklaw noon sa Libmanan-Bato-Balatan erya. Nang buuin ang Komiteng Larangan (KLG) sa Camarines Sur noong 1983, naging kagawad siya ng komiteng tagapagpaganap ng KLG. Itinalaga siyang kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon (KT-KR) noong 1985.

Sa ikalawang panrehiyong kumperensya noong 1986, muli siyang nahalal bilang kagawad ng KR. Bilang myembro ng Kalihiman ng KR, itinalaga siya sa gawaing edukasyon. Sa plenum noong 1993 at 1995, muli siyang nahalal sa kalihiman ng KR.

Bawat tipak ng kanyang muog ay hinulma ng puspusang pag-aaral at

pagkilos. Sinamantala ni Ka Boy ang bawat pagkakataon upang matuto at magpalalim ng mga bago at wastong kaalaman at buong alab niya itong ibinabahagi sa mga kasama. Laging handang matuto at buong sigla siyang umaangkop sa mga kalagayan. Kinakabisa niya ang mga bagong kagamitan at teknolohiya, tulad ng kompyuter, upang pagsilbihin ang mga ito sa rebolusyon. Wala siyang sinayang na panahon, matiyaga sa pag-aaral at pagpapalaganap ng napag-aralan.

Tagos sa kanya ang kahalagahan ng iba pang larangan ng gawain sa pag-aarmas ng sambayanan. Kaya't maging sa pagtula, pagsulat ng iskrip at paglikha ng kanta ay taglay niya ang pagmamahal sa bayan at pagpupunyagi sa komunistang kaisipan. Isa siya sa mga dumalo sa unang pambansang kumperensya ng *Artista at Manunulat Para sa Sambayanan (ARMAS)* sa Sorsogon noong 1986.



Kahit noon pa man ay bahagi na ng buhay-hukbo ang mga awiting rebolusyonaryo.

Hindi rin naging hadlang sa kanyang pagkilos ang kahinaan sa paningin gayundin sa pagkabisa ng lugar. Hangga't kaya pa niyang gawin ay hindi siya nagpapatulong, bagkus ay buong pagsisikap siyang nagpapatuloy.

Maharap man sa mga tunggalian, nagsisikap si Ka Boy na maipaliwanag ang kanyang panig, at tumutupad pa rin sa pasya kahit ang lumitaw na panig ay di kanya. Bihira siyang magalit, at kung magalit man, kakikitaan lamang siya ng pamumula, pagkabalisa at bilis ng pananalita.

Sa pagharap ng panlalamig ng ibang kasama dahil sa sunud-sunod na depensibang labanan, nanindigan pa rin si Ka Boy sa rebolusyon. Minahal ng masa at hukbo ang kasamang nagrekober sa mga baryong naiwan at umagapay sa mga kasamang nanlamig.

Nakabaon na sa kalooban ng mga kasama ang muog ni Ka Boy. Imahe

siya ng pag-uugat sa masa at kasama. Sa kabila ng kanyang mahahalagang responsibilidad, may panahon siya para sa integrasyon sa mga kasama. Umaapaw ang diwa ng mga kasama sa mga kwento ng kani-kanilang karanasan kapiling si Ka Boy. Bagamat ang ibang kwento'y naghahatid ng katatawanan, bawat alaala'y puno ng pagmamahal at pagdakila sa kasama.

Madaling lapitan at makapalagayan ng loob si Ka Boy, ang kasamang laging nakasumbrero, ang kasamang mababa lang at nakasalamin, ang kasamang malumanay magsalita. Kilala siya bilang kasamang nakakaalam ng partikular na interes ng iba pang kasama. Alaala si Ka Boy ng ikinokonsultang mga personal na problema, ng matiyagang pagtuturo ng kompyuter, ng pagbabalita tungkol sa pagkapanalo ng kanyang paboritong tim sa basketbol, ng ipinapadalang mga mumunting balita at litratong ginupit sa dyaryo, ng pakikipagsayaw sa kasama nang makarinig ng tugtog habang nasa lakaran, at marami pang ibang paggunita sa banayad niyang muog.


**Kakambal na ng katatagan sa pakikipag-rebolusyon ang pagiging masayahin ng mga kasama.**

Maging sa pagpapamilya'y mapag-alala rin si Ka Boy, maasikaso sa kabila ng kanyang mga gawain. Lagi niyang inaalam ang kalagayan ng pamilya. Katuwang niya ang mga kasamang nagmamahal sa kanya sa pagharap sa mga hamon ng pagpapamilya.

Huwarang komunista. Puspusan siyang nagpanibagong hubog ng sarili. Walang pag-iimbot, buong-tatag niyang hinarap ang mga sakripisyo at kahirapan na kaakibat ng pagrerebolusyon. Mula sa pagpapahalaga sa mga gamit, hanggang sa pagpapakatatag sa loob ng bilangguan, halimbawa si Ka Boy ng pag-aalay ng sarili. Hindi maselan at walang pagpipili ng mga gamit. Huwaran siya sa pagsasabuhay ng simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka.

Nang mabilanggo siya noong 1987, sinikap niya pa ring magampanan ang mga gawain sa kabila ng mga limitasyon. Patuloy siyang

umugnay sa mga kasama at nag-organisa sa loob ng kulungan — wagas na pag-aalay ng sarili para sa rebolusyon!


Pagkatapos ng kanyang pagkabilanggo, mahigit sampung taon siyang nanatili
nang buong panahon sa kanayunan. Ni minsan, hindi siya nakadalaw sa mga kamag-anak at kaibigan sa kalunsuran. Bukal sa kanyang kalooban ang pagharap sa sakripisyong ito.

Inialay ni Ka Boy ang kanyang sarili para sa rebolusyon. At mainit siyang tinanggap at minahal ng masa at mga kasama.

Umaga ng Hunyo 7, 2000. Tinangkang tungkabin ng mga pasista ang muog ni Ka Boy. Kinubkob ang kampuhan ng mga kasama at isa siya sa mga namatay. Ibinuwal nila si Ka Boy, ngunit ang kanyang bantayog ay malaon nang nakapag-muhon sa kaloob-looban ng puso't diwa ng masa at mga kasama. Pagkalalim-lalim ng kanyang pagkakaugat, na ang pangalan niya'y nagpapasikdo sa dugo ng masa at kasama,  at nagluluwal ng mas kabog-dibdib, mas talas-diwang pagrerebolusyon — ibayong pagkilos na pupuno sa puwang ng pagkakabuwal ni Ka Boy.

Ito ang magpapaguho sa kuta ng mga mapagsamantala't mapang-api — ang pinaigting na pagkilos na kabiyak ng pag-alala. Sa unti-unting pagtibag sa pader na pinaglulukuban ng kaaway, dagdag na armas nating mga nagpapatuloy sa rebolusyon ang mga aral sa buhay at pakikibaka ng mga kasamang nagbuwis ng buhay. Ang alaala ng mga rebolusyonaryong martir ay lamat na magiging bitak at magpapabagsak sa balwarte ng kaaway.

Dudurugin ang kanilang lungga ng alaala ni Kasamang Arsenio Gil Lacsamana, ang ni-minsa'y hindi-natinag na muog ni Ka Boy, isang huwarang komunista.



# *Ka Fox*

**celso minguez**

Nagmula siya sa pamilya ng mga mala-manggagawa sa Sorsogon. Nakapag-aral, ngunit hindi nakapagtapos ng high school dahil maagang nasabak sa trabaho sa isang pagawaan ng sardinas sa Maynila. Naging aktibong kasapi ng Kabataang Makabayan sa Maynila bago buong-panahong kumilos sa Bagong Hukbong Bayan noong maagang bahagi ng dekada 70.

Si Ka Fox, sa mga kasama't masa, Celso Minguez sa kanyang kamag-anak, ay naging bahagi ng paglalatag at pagsulong ng armadong pakikibaka sa prubinsya ng Sorsogon.

Umabot sa siyam na Sandatahang Yunit Pampropaganda at isang yunit gerilya ang naitayo sa prubinsya mula 1971 hanggang 1975. Nakasabay at namuno siya sa ilang pagkakataon sa mga taktikal na opensiba. Hinarap at linabanan nila ang bangis ng Task Force Bulusan ng kaaway.

Bilang kagawad ng Komiteng Prubinsya, katulong siya sa pagpapatupad ng rebolusyong agraryo. Umani ito ng tagumpay sa hatiang 90-10 pabor sa magsasaka sa palayan. Umabante ang baseng masa at may malawak na ugnay at suporta mula sa panggitnang pwersa. Labis niyang pinahalagahan ang tagumpay na ito kaya't labis niyang ikinalungkot ang paghibas nito mula noong huling hati ng 1975 dahil sa malulubhang kamaliang adbenturista na "ipagtanggol ang base" sa harap ng matinding pagkubkob at pagsupil ng kaaway.

Subalit ipinamalas ni Ka Fox ang kanyang katatagan na panatilihing buhay ang sulo ng armadong rebolusyon sa Sorsogon. Ang kanyang pinamunuang iskwad na lamang ang natira sa gitna ng walang habas na pananalakay ng pasistang diktadurang US-Marcos.

Noong 1976, kasabay si Ka Fox sa natirang pwersa sa Sorsogon na ilinipat sa Albay. Katulong si Ka Nards (Wilfredo Gacosta), pinangunahan nila ang pag-aaral at paglalagom ng karanasan sa Sorsogon. Sinikap nilang makapagwasto.

Naitalaga siya sa gawaing instruksyon. Nakasama niya si Ka Simeon (Armando Teng) sa pagbalangkas at pagbibigay ng batayang edukasyong Pampartido sa mga kadre sa rehiyon.

Noong 1978, pinamunuan niya ang matagumpay na reyd sa detatsment ng PC at CHDF sa Pantao, Libon, Albay. Dahil sa kanyang mayamang karanasan sa pamumuno sa matatagumpay na taktikal na opensiba, naatasan siyang mamuno sa Panrehiyong Istap sa Militar na nagbalangkas sa Batayang Kursong Pulitiko-Militar. Naging bahagi siya sa pagrekober ng rebolusyonaryong kilusan sa Hilagang Sorsogon noong 1983. Sa panahon ding ito, matindi ang pananalakay ng $52^{nd}$ PC IB sa bayan ng Ligao at Oas. Nang makabwelong muli, kasama siya sa pagdisenyo ng *oplan pakyaw* para sa lahatang-panig ng pagrekober sa mga naiwang sonang gerilya.

Noong unang kwarto ng 1984, ilinipat siya Camarines Sur. Matagumpay na isinulong ang kampanyang masa sa rebolusyong agraryo. Sa taon ding ito naganap ang pinakamalaking martsa sa prubinsya na umabot sa 12,000 katao.

Sa ikalawang panrehiyong kumperensya noong 1986, itinalaga siya bilang *regional commander* ng *Regional Operational Command* na nangasiwa sa mga pormasyong kumpanyang itinayo. Maagap niyang linulutas ang mga nakakaharap na problema sa pang-araw-araw na pamumuno. Pinag-aaralan niya ang sitwasyon sa lahatang panig na pamamaraan.

Mula 1985 hanggang 1993, nasa kalihiman siya ng Komiteng Rehiyon sa Bikol. Naging bahagi siya ng Southern Luzon Commission at isa siya sa nag-ambag nang malaki sa pagsusulong ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa Timog Luzon.

Noong 1986, sa panahon ng *peacetalks* at *ceasefire* sa ilalim ng bagong-upong rehimeng Aquino, isa si Ka Fox sa naatasang makipag-usap sa reaksyunaryong gubyerno sa antas rehiyon bilang representante ng National Democratic Front-Bikol. Humarap siya sa media at mga pulong masa upang ipropaganda ang rebolusyonaryong pakikibaka.



**Ang pagpapakahusay sa maniobrang kombat ang isa sa mga batayang pagsasanay ng Hukbo.**

Mula 1993 si Ka Fox ay nagpatuloy sa pagkilos sa Timog Katagalugan. Gumampan siya bilang kagawad ng Komiteng Rehiyon.

Matulungin, madaling lapitan, masayahin at responsable si Kasamang Fox. Lagi siyang bukas sa mga pagbabago at handang gampanan ang anumang tungkulin na ibinigay sa kanya ng Partido. Lagi niyang pinapauna ang kapakanan ng rebolusyonaryong kilusan. Abala man sa mga gawain, hindi siya nagkulang sa pagkalinga sa kanyang tatlong anak. Inasikaso niya ang kanyang asawa nang magkaroon ito ng kapansanan.

Sa gitna ng paghupa ng rebolusyonaryong kilusan dahil sa paglihis, nanindigan si Ka Fox sa pagwawasto. Isa siya sa mga nanguna sa pagyakap sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Hindi kailanman bumitiw sa prinsipyo si Ka Fox.

Nakilala siya sa Bikol bilang Ka Rudy, Ka Oggie at Ka Fox. Naging popular siya sa Timog Katagalugan bilang Ka Fox, Ka Tony, Ka Jag at Ka Owen. Pinaslang siya ng mga pasistang militar sa Sityo Probinsya Agaton sa Brgy Tanyag, Calintaan, Occidental Mindoro noong Oktubre 26, 1999. Bilang pagpupugay, ipinangalan kay Kasamang Celso Minguez ang pamprubinsyang kumand ng BHB sa Sorsogon.





# Ka Andoy

## eduardo olbara

Si Kasamang Eduardo Olbara ay isinilang sa sityo Mansalay sa Brgy Kilumaon ng Sangay, Camarines Sur. Ipinanganak siya sa isang pamilyang magsasaka. Kahit may kapirasong lupang taniman, naghahag-ot sila para sa dagdag na kabuhayan.

Ang kanyang ama ay isa sa mga unang naugnayan nina Ka Che (Romulo Jallores) sa bayan ng Sangay. Sila ang mga unang pamilyang magsasaka na naugnayan ng mga unang kasamang naggawaing masa sa Camarines Sur. Tuluy-tuloy na naugnayan ng mga kasama ang kanyang pamilya.

Dahil sa kahirapan, nakapagtapos lamang ng elementarya si Eduardo. Nagtrabaho siya bilang kargador sa Laguna upang makatulong sa kabuhayan ng pamilya. Tuwing umuuwi siya noon sa kanilang lugar, palagi niyang nakakatalakayan ang mga kasama. Dito siya namulat sa mga suliranin ng lipunan at sa pangangailangan ng pagrerebolusyon.

Taong 1973, pag-uwi ni Eduardo mula sa trabaho, nagpasya na siyang magpultaym. Ka Andoy ang kanyang piniling pangalan sa pakikibaka. Nauna na rin noong nagpultaym sa hukbo ang kanyang panganay na kapatid. Buwan ng Hulyo ng taon ding iyon, kasabay na siya sa yunit sa gawaing masa sa hangganan ng Buhi ng Camarines Sur at sa Polangui ng Albay.



Sa panahong iyon, tambak na ang pwersa ng kaaway sa Camarines Sur.

Taong 1972, sinimulan na ng kaaway ang malalaki at koordinadong kampanyang militar laban sa kauna-unahang sonang gerilya sa prubinsya. Layunin ng kaaway na kitlin ang pag-usbong ng rebolusyonaryong kilusan.

Hinarap ng mga kasama sa Camarines Sur ang mapanalasang Task Force Isarog ng kaaway. Sinikap nilang umiwas sa mga patrulya at operasyong *strike* ng lakas batalyong pwersa ng Philippine Constabulary (PC).

Kumitid ang baseng masa dahil sa matinding operasyong militar. Pagsapit ng Disyembre 1973, tatlong baryo na lamang sa prubinsya ang mabisang namamaniobrahan ng mga kasama. Upang mapreserba ang pwersa, nagpasyang ilipat sa Albay ang yunit ng BHB mula sa Camarines Sur. Kasabay si Ka Andoy sa natirang iskwad ng Camarines Sur na umatras at naging unang Sandatahang Yunit Pampropaganda (SYP) sa Albay. Ginamit nila ang pagkakataon upang magkonsolida at mag-ipon ng lakas sa Albay. Mula doon, kinaya nang magpalawak sa bagong mga lugar at mabalikan ang mga naiwang sonang gerilya.

Pagpasok ng 1974, naitalaga si Ka Andoy sa gawaing komunikasyon na tumutulong sa Bicol Technical and Liason Staff (BTLS). Nakabase sila noon sa kalunsuran.

Disyembre 1974, nagkaroon ng serye ng pang-aaresto sa mga kasama sa lungsod dahil sa pagkakanulo sa kanila ng mga taksil. Isa si Ka Andoy sa mga nakaiwas sa pagkakadakip. Pagkatapos ng pangyayari, ipinakat na siya sa gawain sa kanayunan.

Mula 1975 hanggang 1980, isa siya sa mga kadre sa Albay na itinalaga sa mga Sandatahang Pangkat Propaganda (SPP) para sa gawaing ekspansyon. Dito siya nahasa sa pagbibigay ng mga pag-aaral, pagpupropaganda at pagpapakilos sa masang magsasaka. Mahusay rin niyang nagabayan ang serye ng mga kampanya sa pagpapababa ng upa sa lupa sa mga asyendang linunsaran ng rebolusyong agraryo.

Masusi niyang pinag-aralan at linagom ang kanyang mayamang karanasan sa pakikidigma. Sa gayon niya napaunlad ang kanyang kahusayan sa gawaing militar. Isa si Ka Andoy sa pinakamahuhusay na kadreng militar sa buong rebolusyonaryong kilusan.

Sa isang depensibang labanan noong 1979 tinamaan ng bala ang kanyang

kaliwang kamay. Binago ng punglo ang hitsura ng kanyang kamay, palagi itong nakaporma na tila nakahawak sa *hand-guard* ng armalayt. Naging tatak na ito ni Ka Andoy. Tatak ng kahandaan sa pakikidigma.

Sa unang panrehiyong kumperensya noong 1981, isa siya sa mga delegado. Nahalal siyang kagawad ng Komiteng Rehiyon. Naitalaga siya sa pangangasiwa sa Komiteng Larangan sa Albay. Siya ang namuno sa pagpapatupad ng mga gawain sa unang distrito. Siya rin ang kadreng gumabay sa District Yunit Gerilya (DYG). Sinaklaw nila ang mga bayan ng Oas, Libon, Ligao at Guinobatan.

Taong 1982, pinamunuan ni Ka Andoy ang ambus ng yunit ng BHB sa 564$^{th}$ Engineering and Construction Batallion. Ito ang batalyong nag-ooperasyon noon sa hangganan ng Camarines Sur at Albay. Nang tambangan ito ng mga kasama, kapapalit pa lamang ng batalyong ito sa dating 52$^{nd}$ PC Batallion. Isa ito sa mga tumampok na taktikal na opensiba na umani ng malaking pangmilitar at pampulitikang tagumpay. Napatay dito ang hepe ng batalyon na si Col Laberinto.

Kaalinsabay ng mga taktikal na opensiba, malawakan ding ilinunsad ang kampanya sa rebolusyong agraryo. Ang kampanya sa pagpapababa ng upa sa lupa na ilinunsad sa unang distrito ng Albay noong 1982 ay tinawag na *oplan pakyaw*. Naging antas pamprubinsyang kampanyang masa ito noong 1983.


Taong 1985, mula sa gawain sa Komiteng Larangan, ilinipat siya sa kumand ng bagong buong pormasyong kumpanya sa Albay. Siya ang pinakaunang kumander ng pormasyong kumpanya na nakatalaga noon sa erya ng Timog Bikol (Albay at Sorsogon).

Hunyo 1985, katatapos pa lamang ng treyning sa pulitiko-militar sa Brgy Mabayawas sa bayan ng Libon, Albay nang mapadepensiba ang kumpanya. Dahil sa mahusay na taktika at maniobra ng tropa, nakuha nina Ka Andoy ang inisyatiba sa laban. Hindi na nakaabante ang umaatakeng kaaway. Malaki ang naging pinsala at marami ang namatay sa kaaway. Lalupa't nagkaroon ng *misencounter* ang kaaway sa tropang magrereimpors. Ligtas na nakamaniobra ang buong tropa ng BHB nang walang nalagas o nasugatan. Ang labanang ito ang naitalang unang matagal na labanan sa Bikol. Umabot iyon ng halos anim na oras.

Sa sumunod na taon, pinamunuan din ni Ka Andoy ang dalawang magkasunod na ambus sa Brgy Banao sa Oas at sa Brgy Binogsacan sa Guinobatan. Naging matunog ang nabanggit na mga ambus. Sa mga taktikal na opensibang ito, mahusay na naisapraktika ang mga prinsipyo sa pakikidigmang gerilya.

Noong 1986, itinalagang unang v*ice regional commander* ng *Regional Operational Command* si Ka Andoy. Naging bahagi siya sa pagpaplano ng mga kampanyang militar sa rehiyon. Nakatulong din siya sa pagbibigay ng mga pagsasanay sa pulitiko-militar sa mga kasama.

Sa kabila ng maraming responsibilidad bilang kumander ng tropa, lumalahok siya sa pang-araw-araw na mga gawain ng kasama. Mula sa paghahakot ng suplay at pagluluto hanggang sa mga huntahan at biruan. Kaya kapansin-pansin ang pagiging malapit sa kanya ng mga kasama.



**Mahusay na napamumunuan ni Ka Andoy (pangalawang elemento) ang kanyang yunit.**

Mataas ang kanyang pagpapahalaga sa kapakanan ng mga kasama. Ngunit kailanman ay hindi siya humingi ng espesyal na pagpapahalaga para sa kanyang sarili. Lubos niyang kinikilala ang papel ng bawat pulang mandirigma sa kolektibong paggawa kaya mahusay siyang nakakapamuno.

Hindi nag-aalangang lumapit sa kanya ang mga kasama at masa. Mapagmalasakit siya sa kanilang kapakanan. Madali siyang makasundo at makapalagayang loob. Mahinahon at magalang siyang magsalita.

Madali niyang mapansin kapag may problema ang isang kasama. Personal niya itong kinakausap at pinapayuhan. Palagi niyang sinisikap na matulungan ang mga ito na makahanap ng solusyon sa kanilang mga problema. Sanggunian din siya ng suliranin, maging ng mga dati niyang nakasama sa yunit na nalipat na ng kolektibo.

Mahigpit siyang tumalima sa mga patakaran ng rebolusyonaryong kilusan.

Kapag meron siyang reserbasyon sa mga usapin at patakaran, ipinarerehistro niya ang mga ito habang ipinapatupad kung ano ang napagkasunduan o napagbotohan ng mayorya ng kolektibo.

Magaling sa teknika at taktika si Ka Andoy. Mahusay niyang pinamunuan ang malalaking taktikal na opensiba. Lumalahok siya sa aktwal na gawaing paniktik. Sa aktwal na labanan, kasabay siya ng umaabanteng tropa habang tinitiyak niya na napapangasiwaan ang kabuuang laban. Sa gipit na mga sitwasyon, hindi niya kailanman iniiwan ang mga kasama.



**Mahigpit at mainit ang pakikibigkis ni Ka Andoy sa mga kasama at masa ng kanyang panahon.**

Si Ka Andoy ay isang mabait at mapagmahal na ama at asawa. Mapagalalang ama sa kanyang tatlong anak na babae. Tanggap niya ang sakripisyong mapalayo nang matagal-tagal na panahon sa kanyang asawa at mga anak. Hindi rin nag-alangan si Ka Andoy na ihabilin sa masa ang kanyang mga anak. Buo ang kanyang tiwala na pangangalagaan ng masa ang kanyang pamilya.

Hindi pa man ilinulunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, isa si Ka Andoy sa mga pumupuna sa masamang epekto ng wala sa panahong regularisasyon. Aniya, "Itong ginagawa natin ay masaya, pero lumiliit na ang ating baseng masa."

Namatay si Ka Andoy sa isang depensibang labanan sa Brgy Alanao sa Lupi, Camarines Sur noong Abril 14, 1989. Papunta siya noon sa isang pulong nang makubkob ang tinuluyan nilang bahay.

Pinagpupugayan ng rebolusyonaryong kilusan ang magiting na pakikibaka ni Kasamang Eduardo Olbara sa pagpapangalan sa kanya ng pamprubinsyang kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa Camarines Sur.





# *Ka Nards*

**wilfredo gacosta**

Isang kabataang propesyunal na may mababang sahod si Kasamang Wilfredo Gacosta bago siya buong-panahong kumilos sa Bagong Hukbong Bayan sa Sorsogon. Ipinanganak siya sa isang pamilya ng panggitnang petiburgesya sa Barcelona, Sorsogon.

Dekada 1970, si Wilfredo ay namulat sa gitna ng matinding krisis at kabulukan ng rehimeng US-Marcos. Sa panahong ito, nagbabadya ang Martial Law sa gitna ng malawak na diskuntento ng mamamayan.

Taglay ang militanteng diwa ng pagmamalasakit sa kapakanan ng masa, naging aktibo siya sa mga pagkilos sa kalunsuran ng Bikol. Kasabay ang mga tulad niyang aktibista, binatikos nila ang katiwalian ng mga lokal na burukratang kapitalista sa Sorsogon.

Isa siya sa mga nagtatag ng *Pagkasararo Kan Kaakiang Demokratiko sa Sorsogon* (PKDS), isang samahan ng mga kabataang nanawagan ng pagbabago laban sa mga kabulukan ng rehimen.

Makaraan ang Sigwa ng Unang Kwarto (FQS) ng 1970, bumilis ang paglaganap ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa mga kalunsuran at sentrong bayan ng Bikol. Ang mga Bikolanong manggagawa at estudyante na namulat sa Kamaynilaan sa panahon ng FQS ay umuwi at nag-organisa sa rehiyon. Isa si Wilfredo sa naugnayang mga kabataan sa Sorsogon.

Malaki ang naging ambag ni Wilfredo sa pagtransporma ng PKDS mula sa pagiging isang tradisyunal na organisasyon. Ito ang naging daan upang makabig at makapag-organisa ng mas maraming kabataang hindi pa handa noon sa militanteng pulitikang dala-dala ng Kabataang Makabayan (KM). Binuo rin nila ang *Lakas ng Kabataan sa Sorsogon (LAKAS)* na naging tagapamandila ng pambansa-demokratikong pakikibaka. Nang ilunsad ang unang panrehiyong kumperensya ng KM sa Sorsogon noong Marso 1971, pormal na naging tsapter ng KM ang LAKAS.

Isang masigasig na aktibista ng KM si Ka Nards. Matapos ang matiyagang pag-aaral sa lipunan at rebolusyong Pilipino, walang-sawa siyang nanguna sa mga talakayan ukol dito. Walang humpay siyang nagpropaganda sa mga rali at lagi siyang kalahok sa mga pangkulturang pagtatanghal. Naging patnugot siya sa mga rebolusyonaryong pahayagan.

Bilang kalihim ng KM sa antas munisipyo at prubinsya, malaki ang kanyang naiambag sa pagtatayo ng mga balangay ng KM sa mga baryo, komunidad at paaralan. Taglay ang diwa ng paglilingkod sa sambayanan, sinikap ni Ka Nards na pandayin ang kanyang sarili sa rebolusyonaryong pakikibaka. Puspusan siyang umugat sa masang magsasaka sa kanayunan upang makapagpanibagong-hubog ng kanyang paninindigan at pananaw.

Sa rebolusyonaryong kilusan niya nakilala ang kanyang asawa. Magkatuwang nilang itinayo ang isang pamilyang rebolusyonaryo.

Noong Setyembre 1971, narekluta siya bilang kandidatong kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas. Makaraan ang anim na buwan, pinasumpa siya bilang ganap na kasapi ng Partido. Buong sigasig siyang gumampan ng mga tungkuling iniatas sa kanya ng Partido. Naitalaga siya ng Komiteng Prubinsya ng Sorsogon sa gawaing edukasyon. Naging kasapi siya ng Subregional Instructors Bureau. Pinangunahan niya ang pagtuturo ng mga aralin ukol sa prinsipyong Marxismo-Leninismo-Maoismo. Kalaunan, siya ang gumampan bilang kalihim sa edukasyon.

Mahigpit siyang umugat sa masa. Nakatulong siya sa pagbubuo at pagpapatatag ng mga sangay ng Partido sa baryo. Malaki ang kanyang naiambag sa pagtatayo ng baseng masa sa prubinsya. Gagap niya ang pagtangan sa

estratehiya ng pagkubkob ng kalunsuran mula sa kanayunan.

Sa gitna ng malulubhang kamaliang adbenturista na "ipagtanggol ang base" sa harap ng matinding pagkubkob at pagsupil ng kaaway, nagpakatatag siya at umagapay sa iba pang mga kasama. Sinikap niyang saluhin ang nalalabi pang pwersa sa gitna ng mapangwasak na unos.

Pagpasok ng 1975, isa si Ka Nards sa mga natirang pwersa sa artipisyal na base na wastong nagpasyang lumipat sa Albay. Pinangunahan ni Ka Nards ang pag-aaral at paglalagom ng karanasan sa Sorsogon. Ang serye ng mga pag-aaral ay tinaguriang *Paaralang Hunyo 9*.


**Bahay ng masa, dekada Otsenta**

Isa si Ka Nards sa mga nanguna upang muling patatagin at palawakin ang Partido at hukbong bayan sa Sorsogon. Isinaayos nila ang sentro ng pamumuno ng Partido at ilang ulit silang nagsikap na muling itayo ang baseng masa. Buong sigasig din siyang tumulong upang maitayo ang panrehiyong organisasyon ng Partido.

Noong dekada otsenta, ang kampanya ng masiglang teoretikal na pag-aaral ay tinawag na *Freddie Gacosta Paaralang Pangkadre (FGPK)* bilang pagpupugay sa kanyang mga pagsisikap sa gawaing edukasyon sa Partido.

Si Ka Nards ay isang makata. Ang kalipunan ng kanyang mga tula ay nailimbag noong Disyembre 1976 sa ilalim ng pangalang Geronimo Dulongtimog. Ang mga tula ay sinulat niya mula 1970 hanggang 1975. Ang kanyang mga likha ay sumasalamin sa lipunang Pilipino at sa kanyang mayamang karanasan sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan. Malinaw sa kanyang mga akda ang makauring pagpanig sa masa.

Si Kasamang Wilfredo Gacosta ay nagbuwis ng buhay sa isang labanan sa Cabalwaon, Guinobatan, Albay noong Oktubre 3, 1977. Buong giting siyang lumaban hanggang sa huling hininga. Taglay ang mapanlabang-diwa, buong buhay niya ay inalay sa rebolusyon at sa bayan.

*Ang mga Kaibigan*

kilala ko ang aking mga kaibigan—

sila yaong iniluwal
sa mga nipang dampa sa kanayunan,
sa ilalim ng tagpi-tagping bubong
ng mga iskwater sa kalunsuran,
o sa butas-butas na kutson
sa mumurahing ospital.

sila yaong pakyawan kung binyagan
sa minamadaling oremus ng kurang
nagtitipid ng laway
para sa isusunod na binyagang ispesyal.

sila yaong ang paglaki
ay babahagyang namamalayan
sapagkat walang dyaryong mangangahas
maglathala ng kanilang pangalan
ni ng munting salu-salo sa pagdiriwang
ng kaarawan.

sila yaong kahit man lamang sa isang araw
ay pinagbibigyang maging diyos
ng mga nagkukunwaring utusan,
at pinipilit pahalakhakin
sa mga pinalamutiang kasinungalingan.

sila yaong makaraan ang halalan
ay muling pasasambahin
sa mga panginoong napapaligiran
ng mga bakod na baril hanggang sa kubeta.

sila yaong nakabaon sa kumunoy
ng pagkakautang
at nagmamasid na lamang sa sariling
likhang-yaman sa mga palengke
at mga kristal na durungawan
ng mga tanyag na basar.

sila yaong sa mga dula
sa tanghalan ng mayayaman
ay mga di pansinin
o kontrabidang papel ang ginagampanan.

sila yaong kung may angking talino
at kadalubhasaan
ay inaaring upahang utak at bisig
ng malalaking mangangalakal.

sila yaong nagsasariling namumuhay
sa mayayamang kabundukan,
na ang anyong nililok
ng makalumang kultura
ay ginagawang tampulan
ng pangungutya ng mga “sibilisado”
sa ngalan ng kristiyanismo’t
makabagong pag-unlad,
na ang yama’t binungkal na lupain
ay kinakamkam.

kilala ko ang aking mga kaibigan—

sila yaong ang kasaysayan
ay nakatala sa mga dugua’t putikang pahina
ng mga aklat ng mga kadre
na bumulagta sa kabundukan
ng Luson, Kabisayaa’t Mindanaw.

sila yaong ang kapakanan
ay nasa diwa ng bawat api
na unti-unting humahanay
sa kaliwang dulo ng larangan.

sila yaong ang tadhana’y akin din...
ang mamuhay sa isang bansang malaya
o mamatay nang nakikibaka!





# Ka Walter

santos binamera

Unang buwan ng 1975 nang makilala ng mga magsasaka sa bahaging Libon-Bato sa hangganan ng Albay at Camarines Sur ang mga unang kasamang nakipamuhay at nakituloy sa kanilang mga dampa.

Isa sa mga unang naugnayan sa Brgy San Isidro sa bayan ng Bato ang magsasakang si Santos Binamera. Isang mala-ligal na Pangkat sa Gawaing Masa ang pumakat sa kanilang lugar para sa gawaing ekspansyon.

Madaling nakapalagayan ng loob ni Santos ang mga bagong kakilala na mahuhusay makipagtalakayan ukol sa aping kalagayan nilang mga magsasaka. Nakagiliwan na rin niyang makinig sa kanilang masasayang kwentuhan at biruan. Madalas siya noong sumasabay sa mga lakaran ng kanyang mga kaibigan para makinig sa kanilang pulong.Naging kaibigan niya ang mga ito.

Sa mga pagtitipong iyon naging interesado si Santos sa mga talakayan ukol sa mga isyung pambayan at sa pagbabago ng lipunan. Namulat siya sa ugat ng kahirapang kinasasadlakan ng kanyang pamilya at ng kapwa niya mga magsasaka.

Isinilang si Santos sa isang pamilya ng maralitang magsasaka sa Malinao, Albay. Tulak ng karukhaan, napilitan ang mga magulang na ipagpalit sa konting halaga ang limang taong gulang na batang si Santos. Kaya sa kamag-anak siya lumaki.

Batbat din sa hirap ang buhay na dinanas niya sa piling ng pamilyang kumupkop sa kanya. Hindi siya nakapag-aral. Madalas niyang ikwento na noong bata pa siya, kapag nakagawa siya ng isang bagay na mali, *nirarapas** siya ng pantali ng kalabaw. Subalit, higit na tumimo sa kanyang murang isip ang mga pangaral ukol sa wastong gawi at pag-uugali. Sa murang edad, naikintal sa kanyang isipan ang pagpapahalaga sa paggawa ng tama at makatwiran. Kaya sinikap niyang laging gawin kung ano ang tama.

Nakapag-asawa siya ng taga-Brgy Cawagan sa bayan ng Bato. Nagkaroon sila ng tatlong anak. Nagsikap silang mag-asawa na maitaguyod ang pag-aaral ng mga ito. Magkatuwang silang mag-asawa sa pagbubukas ng lupang matatamnan. Magkatulong sila sa pagkaingin sa masukal na lupain at maging sa pagtatanim. Nakitira lamang sila noon sa kapwa din nila maralitang magsasaka.

Nang dumating ang Hukbo sa kanilang buhay, madaling nasapol ni Santos ang kawastuhan ng pagrerebolusyon. Mayo 1975, nagpakilala na ang kanyang mga kaibigan na sila'y mga NPA. Nang imbitahan, wala siyang pag-aatubiling sumampa sa hukbong bayan. Bago pumakat sa yunit, kanyang isinaayos ang kalagayan ng asawa at mga anak.

Kasabay na siya ng isang tim ng mga kasamang tumulak papunta sa prubinsya ng Albay para magpulong at mag-aral. Ang kanilang tim ay pormal na binuo bilang Sandatahang Pangkat Pampropaganda. Isang iskwad na nasasandatahan ng maiikling baril, granada, at itak. Pumakat ito sa erya ng Bato-Balatan-Bula.

Bilang mahusay na pulang mandirigma, nagpursige siyang mag-aral. Malalim niyang sinapol ang mga rebolusyonaryong prinsipyo, at maging ang pag-aaral ng ABAKADA ay kanyang pinagsikapan. Buong galak niyang ipinagmalaki na "sa NPA na ako natutong magbasa at magsulat". Kahit sa mga bata, nagpaturo siyang magsulat at magbasa. Makalipas lamang ang dalawang taon, mahusay na siyang magbasa at magsulat. Kinaya niya na ring magbigay ng mga pag-aaral sa masa.

Nang buksan ang Ruben Sambajon erya (Libmanan-Pasacao), isa siya sa mga kasamang ipinakat dito. Nakilala siya bilang Ka Walter ng mga kasama at masa. Masipag at masigasig na kasama. May taas na limang talampakan

at apat na pulgada, makisig ang pangangatawan, maputi ang balat at medyo kulot ang buhok. Palabiro at masayahin. Inaaliw niya ang mga kasamang nakita niyang medyo matamlay. Maalaga rin siya sa mga kasamang may sakit. Alaala din siya ng masipag na pagtaguyod sa mga pulong ng mga kasama. Kaya niyang maghakot ng mabibigat na suplay. At, isa siyang mahusay na manunula at manganganta.

Tuluy-tuloy ang masikhay na paggampan ni Ka Walter sa mga gawain sa pagrerebolusyon. Ni minsan ay hindi siya nakitaan ng pananamlay o pagkapagod sa mahirap at masalimuot na buhay sa kilusan. Buong tatag niyang hinarap ang sakripisyo at pag-aalay ng sarili para sa bayan. Mahusay rin niyang pinagsikapan ang pagtataas ng antas ng kamulatan ng kanyang pamilya hanggang sa makumbinsi ang kanyang asawa na magpultaym din sa hukbo noong 1978.

Bandang ikalawang kwarto ng 1979, naatasan siyang sunduin ang isang kasama mula sa Albay upang giyahan at iugnay sa mga kasama sa Camarines Sur. Si Ka Lucas *(Lucio de Guzman)*** ay ihahatid sana niya sa Libmanan nang makubkob sila habang nagpapahinga sa Brgy Pulang Daga sa Balatan, Camarines Sur. Ligtas na nakaatras si Ka Lucas. Nagbuwis ng buhay si Ka Walter.

Noong 1987, pinagtibay ng Komiteng Prubinsya sa Albay ang pasyang ipangalan kay Kasamang Santos Binamera ang pamprubinsyang kumand, bilang pagdakila sa kanyang pagiging huwaran sa simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka.

- - -

**nirarapas – hinahampas*

***Si Kasamang Lucio de Guzman ay namartir sa Mindoro kung saan ipinangalan sa kanya ang kumand ng BHB sa isla.*





# Ka Erron

jose rapsing

Walang lapida o dili kaya'y puntod na nagpapagunita sa kanyang kinalugmukan. Sinipsip na ng mga pananim ang dugong kanyang idinilig sa lupa.

Ang masang minahal niya nang higit sa kanyang buhay ay hindi nakakalimot. Madalas, makikitang naghuhulog ng kanilang pinagpagurang barya ang mga taumbaryo sa kanyang kinasawian. Payak, ngunit dalisay na pag-alala ng mga dukha sa dakilang pag-alay niya ng buhay para sa kanila.

Iilang halaman lamang ang kayang mabuhay sa tuyot na lupa ng kalakhan ng isla ng Masbate. Ang mga pananim na ito ay buong tatag na sumisibol, lumalago at tumutugon sa mga pangangailangan ng malawak na masang Masbatenyo.

Barangay Bulo, Masbate City, ang lugar na tinubuan ni Kasamang Jose Rapsing. Nabuhay siya sa gitna ng kasalatang kumikitil sa mga tulad niyang maralita. Dagdag na pasanin sa kasama ang kapansanang pungit ang itaas niyang labi. Ngunit hindi siya nagpatalo sa ganitong mga kahirapan. Sa murang edad na kinse anyos ay nagtrabaho siya sa isang *piggery*. Nang sapat na ang kanyang naipon, pinaayos niya ang kanyang kapansanan.

Taong 1988, bumalik siya sa kanilang lugar. Dito ay nalaman niya ang sanhi ng kahirapang bumabansot sa pag-unlad ng mga tulad niyang anakpawis. Dito na rin naitanim sa kanya ang binhi ng rebolusyonaryong

pakikibaka ng masa.

Pumaloob si Jose sa saligang organisasyong masa sa kanilang baryo. Aktibo siyang kumilos upang bakahin ang mga pagsasamantala at pang-aapi sa hanay nilang magsasaka. Isang taon pagkatapos nito, nagpasya siyang sumampa sa Bagong Hukbong Bayan. Nakilala siya bilang si Ka Erron.

Ang punla ng makauring pananaw ay lumago sa kanyang paninindigang pagsilbihan ang masa ng kanyang buong lakas at husay. Kahanga-hanga ang kanyang pagpursigeng matutong magbasa at magsulat, sa pag-agapay ng mga kasama. Ang bawat bunga ng kanyang pagsisikap na magpakahusay sa gawain ay taos-puso niyang ihinandog sa malawak na masang pinagkaitan ng kanilang karapatan at kalayaan.

Matapos ang anim na buwang tuluy-tuloy na pagkilos, direkta na siyang ipinaloob sa istap ng Komite ng Partido sa probinsya.

May dumaan ding malakas na ihip ng hanging nagtangkang magpayuko sa kasama. Dinamdam niya ang pagputol ng kanyang naging karelasyon sa kanilang ugnayan kahit walang malinaw na dahilan. Ngunit hindi naging mabuway ang tindig sa rebolusyon ni Ka Erron. Tanging winika niya, "Kaya ko itong pangibabawan. Ang tao ang dapat magdala sa problema at hindi ang problema ang magdadala sa tao."

Sa isang idinaos na kasal ng dalawang kasama noong 1991, itinalaga siyang mangasiwa sa gawaing kusina. Dahil sa kulang ang mga sangkap na gagamitin sa pagluto, ipinasya niyang tingnan ang suplay sa labas ng pansamantalang himpilan ng mga kasama. Sa may di kalayuan, nasalubong siya ng mga militar. Wala na siyang pagkakataong tumakas. Hindi mabilang na mga suntok at pahirap ang tinamo ng kasama. Pilit siyang pinapaamin kung saan ang kampuhan ng hukbo. "Dito sa amin, ang nahuhuli ay di nagbibigay ng impormasyon. Patayin n'yo na lang ako," ang matapang na sagot ni Ka Erron.

Sa bawat bigwas ng mga pasista, tinangkang bunutin si Ka Erron sa kanyang malalim na pagkaka-ugat sa rebolusyon. Ngunit wala siyang binitawang salita na maaaring magpahamak sa mga kasamang nasa malapit lamang at walang alam sa nangyayari. Sinalpakan ng lata ng sardinas ang kanyang bibig at siya'y pinagbabaril. Hindi pa nagkasya ang mga berdugo, ihinulog mula sa lumilipad

na helikopter ang kanyang bangkay.

"Kahit pitong beses pa akong patayin ng mga kaaway, babangon ako at ipagpapatuloy ang laban. Sakali mang mamatay ako sa labanan ay may pito at lampas pang mga naghihirap at inaapi na papalit sa akin para ipagpatuloy ang rebolusyon." Ito ang mga salitang naikintal sa isipan ng mga kasama na laging sinasabi ni Ka Erron.



Dinudugtungan ng mga kasama sa Masbate ang dakilang ambag ni Ka Erron.

Ang dugong tumagas mula sa kasama ay kasabay ng dugo ng ilampung rebolusyonaryong martir na sumagipsip sa lupang tigang ng Masbate. Mula rito ay maraming bagong sibol na mga kasamang nagpapatotoo sa panata ni Ka Erron.

Buong karangalang tinatanganan ng pamprubinsyang kumand ng Bagong Hukbong Bayan sa Masbate ang marangal na alaala at pangalan ni Kasamang Jose Rapsing.





# Ka Alma

nerissa san juan

Mahusay na pulang mandirigma. Huwaran sa mga katulad niyang kababaihang anakpawis, inalay ni Kasamang Nerissa San Juan ang kanyang buhay para sa rebolusyonaryong pakikibaka.

Isinilang si Kasamang Nerissa Ponggan sa pamilya ng mga maralitang magsasaka sa Tucao, Caramoran sa isla ng Catanduanes. Pagha-got ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng kanilang pamilya. Lugmok sa hirap at sakit ang buhay ng mga pamilya ng parahag-ot. Napakaliit ang kita ng magsasaka sa abaka.

Sa murang edad, binalikat ni Nerissa ang mabibigat na trabaho sa pagha-got. Bilang panganay sa magkakasunod na magkakapatid na babae, pinasan niya ang gawaing produksyon na karaniwang kinakarga ng mga kalalakihan upang makatulong sa kapos na kalagayan ng pamilya. Bilang responsableng anak, ginampanan niya ang mabibigat na gawain sa produksyon mula sa paghawan o sakor, pagsupnit, pagbotong hanggang sa pagpasan ng bandala pababa sa bayan.

Nakagisnan na ni Nerissa ang mapagsamantalang hatian sa pagitan ng panginoong maylupa at ng masang paraha-got. Nagpapalipat-lipat para makihag-ot. Kasabay ng mga magulang ang mga bata at maging ang kanilang alagang hayop. Batbat sa trabaho subalit napakababa ng kanilang kinikita kaya

laging kapos sa pang-araw-araw na gastusin.

Taong 1999 nang makarating sa masang paraha-got ang bali-balitang dumarami ang NPA sa isla. Di mapigilan ang tuwa at pag-asam ng mga taumbaryo na makilala ang mga pulang mandirigma. Buong alab nilang tinanggap ang Bagong Hukbong Bayan bilang tunay nilang hukbo.



Maagang nasasabak sa mabibigat na gawain ang mga bata sa Catanduanes.

Namulat si Nerissa sa gitna ng kasiglahan ng pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng mga kasama sa mga paraha-got para sa pagrerebolusyon. Kaagad siyang nagpahayag ng kapasyahang magpultaym sa Hukbo. Nakilala siya bilang Ka Alma ng mga kasama at masang magsasaka.

Buong tatag niyang hinarap ang pagsasakripisyo at pag-aalay ng sarili para sa bayan. Ang kanyang angking sipag at lakas ay ibinuhos niya sa paggampan ng mga gawain sa rebolusyon. Isa siya sa mga sinanay sa gawaing medikal at hindi naging hadlang ang kanyang limitasyon sa literasiya. Buong sigasig at sigla siyang nagbigay ng serbisyo medikal sa masa.

Bilang mandirigmang babae, hinarap niya ang mga hamon upang mapahusay ang sarili at malampasan ang mga kahirapan sa buhay at pakikibaka. Sa kilusan niya nakilala ang kanyang asawa at nagkaroon sila ng dalawang anak. Sinikap nilang itaguyod ang diwa ng rebolusyonaryong pagpapamilya.

Sa bawat hamon at balakid, pinagsisikapang lagi ni Ka Alma ang pag-igpaw at pagsulong. Wala siyang inatrasang problema sapagkat wala siyang ibang hangad kundi ang pagpapakahusay para sa rebolusyon.

Nagbuwis ng buhay si Ka Alma, kasabay ang kanyang asawa at isa pang kasama sa Brgy Tobrehon, San Miguel, Catanduanes noong Nobyembre 28, 2003.

Pinagbabaril sila ng mga elemento ng *Military Intelligence Company (MICO)*. Doon lamang nadiskubre ang mga impiltrador na narekluta, na siyang pumaslang sa kanila.

Sa alaala ng lubos na pag-aalay ng sarili para sa masang api, buong pagpupugay na ipinangalan kay Kasamang Nerissa San Juan ang pamprubinsyang kumand ng BHB sa isla ng Catanduanes.




ISAROG

# Ka Wayan

leonardo arrozo

Dok!" ang masiglang pambati sa kanya ng mga kasama't masa. Doktor ng bayan. Siya si Ka Wayan.

Ipinanganak si Kasamang Leonardo Arrozo noong Disyembre 10, 1966. Nagmula siya sa isang pamilya ng panggitnang magsasaka sa Brgy Calabnigan, Libmanan, Camarines Sur. Nag-aral siya sa San Fernando Elementary School sa Camarines Sur. Nang bumagsak ang katayuang pang-ekonomya ng kanilang pamilya, napilitan silang isangla ang kanilang lupa.

Nagsimulang mamulat si Ka Wayan sa lipunan at rebolusyon dahil sa pakikipagtalakayan sa mga kasama at sa ilang kamag-anak na hukbo. Bata pa lamang siya, malapit na ang kanyang loob sa mga kasama. Napabilang siya sa grupong pang-organisa ng kabataan sa kanilang baryo. Noong 1985, naiangat siya sa komiteng pang-organisa ng kabataan. Makalipas ang limang buwan, natugunan ang kanyang mungkahing mapabilang sa milisyang bayan sa kanilang baryo, hanggang sa buong-panahong kumilos siya sa Bagong Hukbong Bayan.

Sumumpa siya bilang ganap na kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Hulyo 1992.

Disyembre 1994, ipinakat siya bilang kagawad ng isang istap sa ilalim ng Panrehiyong Kumand ng Bikol. Ipinaloob siya sa Sangay ng Partido sa Serbisyo at itinalaga sa gawaing komunikasyon.

Sa panahon ding ito, nagtreyning si Ka Wayan bilang medik at naging kabilang siya sa tim pangkalusugan. Kalauna'y iniangat siya bilang pangalawang kalihim ng Sangay. Naging pangunahing katuwang si Ka Wayan sa pangangasiwa sa base habang gumagampan ng tungkulin bilang *commanding officer.*

Mahusay na mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan si Ka Wayan. Noong nasa pormasyong kumpanya pa, lagi siyang kasabay sa mga gitgitang labanan ng kanyang kinabibilangang yunit. Magiting siyang nakipaglaban sa mga pasista. Minsang napalaban sila at marami sa kanila ang nasugatan, walang pag-aatubiling iniatras ni Ka Wayan ang isang kasamang sugatan habang pasan-pasan ang M60 masinggan na hawak ng kasama.

**Medik ng Bayan**

Determinado siyang tanggapin at angkupan ang mga trabahong ibinibigay sa kanya. Hindi naging limitasyon ang kasalatan sa edukasyon. Mahusay niyang nagampanan ang pagiging doktor. Masinop at buong husay niyang pinag-aaralan at sinusuri ang kanyang mga pasyente. Binibigyang pansin niya kahit ang pinakamaliit na sugat. Kapag may pasyente, lagi siyang nasa tabi nito kahit sa oras ng pamamahinga at pagtulog. Konting hinaing lamang lagi siyang handa upang bigyang atensyon ito.


Bilang doktor ng sambayanan, laging handa sa pagkalinga at pag-alaga si Dok Wayan sa mga nangangailangan ng kanyang serbisyo. Mahaba man ang mga lakaran, lagi niyang bitbit sa mabigat na pak ang mga gamot, dental set at gamit na pangkuha ng blood pressure. Buong sigla siyang lumahok sa mga klinikang bayan para sa masa. Bilang medik, nangasiwa rin siya sa pangangalaga sa mga sugatan sa mga taktikal na opensiba.

**Huwarang Kasama**

Bilang responsableng kasama, hindi matatawaran ang naiambag ni Ka Wayan sa pagpanday at pag-agapay sa mga kasama, laluna sa mga baguhan. "Payt sana!" ang laging bukambibig ni Ka Wayan sa mga kasamang napapagod o kaya nahihirapan.

Madalas niyang isinasabay sa paghakot ang baguhang kasama. Habang

naglalakad, inaaliw niya ang ka-badi sa pagturo ng mga paborableng kalupaan
upang pusisyunan, mga ambus sayt ng kaaway, at iba pang mga palatandaan sa daan, habang hinihimok niya ang naninibagong kasama upang magkwento rin ng mga iniisip sa pagtahak sa landas ng armadong pakikibaka.


**Ang ganting ngiti ni Ka Wayan sa bawat masa't kasama**

Sa gitna ng mabibigat na tungkulin sa pagmamantini ng base at paghahakot ng suplay, hindi siya nakitaan ng pagkabagot o pagkapagod. Mahusay niyang napangasiwaan ang pangangailangan ng mga kasama.

Bilang *CO*, mahigpit siya sa pangangalaga ng seguridad ng mga kasama. Sa mga delikadong sitwasyon, kagyat niya itong ikinukonsulta sa yunit kumand at iginigiit ang paglipat ng base kahit pa anong oras, maulan man o may bagyo.

Alas kwatro y medya pa lang ng umaga, gising na siya. Maaga siyang gumagampan ng gawain. Buong araw ay wala siyang kapaguran sa pag-aasikaso sa mga pangangailangan ng mga kasama. Kadalasan, gabing-gabi na siya kung magpahinga ngunit kinabukasan, ngiti pa rin ang pambati niya sa mga kasama.

Maayos niyang ginagabayan ang mga kasama na paminsan-minsan ay nagkakamali. Kinakausap at hinihimok niyang magwasto. Mahinahon ngunit may diin sa pagbibigay ng mga ideya kahit sa mga pagkakataong kailangan niyang tunggaliin ang maling ideya ng kasama. Lagi rin siyang bukas sa pagtanggap ng mga puna.

Natatanging husay ni Ka Wayan ang pagiging eksperto sa tereyn. Kahit isang beses pa lang niyang pinasok ang gubat, tumpak niyang natatantya ang mga direksyon sa pamamagitan lamang ng pagsuri sa ikot ng baging, malamig at mainit na bahagi ng katawan ng puno, at hugis ng mga tuktok ng bundok.

Nang naatasan siyang mag-sarbey at magsagawa ng panlipunang pagsisiyasat sa isang ekspansyon erya, matiyaga niyang linakbay ang lugar para makabisa ang tereyn, kasabay ang isang kasama. Sa loob lamang ng isang buwan, maraming impormasyon na silang nakalap. Binagtas nila ang kasukalan

kahit walang kakilalang masa. “NPA man baga kita, midbid man kan masa,” ang lagi niyang sinasabi sa kasama.

Kinasanayan na ni Ka Wayan na sa lahat ng oras ay isabuhay ang paglilingkod sa sambayanan. Mapasaanman, sa himpilan man o sa paggampan ng gawaing masa, huwaran ang kanyang rebolusyonaryong aktitud.

Mahigpit ang kanyang pagtangan sa rebolusyonaryong prinsipyo at disiplina. Ni minsan, hindi siya napatawan ng aksyong pandisiplina.



Tulong-tulong ang mga dating kakolektibo ni Ka Wayan sa pag-hasok sa badang ng masa.

Kung paano niya ipinapailalim ang kanyang sarili sa organisasyon, ganun din ang mga usapin hinggil sa kanyang pamilya. Nang magkaproblema sa lupa ang kanyang mga kamag-anak, hindi siya nagtangkang makialam. Bagkus, pinaubaya na lamang niya sa mga kasama sa erya ang  pagresolba nito.

Sa buong panahong pagkilos ni Ka Wayan, isang beses lang siyang nagmungkahing panliligaw sa isang kasama noong 2000. Nang matiyak ang kanyang desisyon, isinentro niya ito sa kanyang kolektib.  Mumunting regalo na mga biskwit, sitserya at tsokolate ang kanyang pasalubong sa kanyang sinisinta. Bagong Taon ng 2001 naging magkarelasyon na sila. Ikinasal sila sa Partido noong Disyembre 26, 2001.

Kailanman hindi makakalimutan ng masa si Dok Wayan. Alaala ang kanyang magalang na pakikisalamuha at mahusay na paggabay sa pagresolba sa mga problema at tunggalian sa hanay ng mamamayan. Alaala niya ang pagpapahalaga sa buhay ng mga hayop at ibon. Alaala rin ang lagi niyang kinukwentong makwelang karanasan nang maiwanan niya ang suot na tsinelas nang sumakay siya sa dyip, dahil nakasanayan na niyang iwan ang tsinelas sa tuwing papasok sa bahay ng masa.

Angkop kay Ka Wayan ang kanyang pangalan. Hindi birong mga pagsubok sa pananaw at paninindigan ang pinagdaanan niya. Naranasan niya ang

kasagsagan ng disoryentasyon sa loob ng rebolusyonaryong kilusan. Ngunit tulad ng halamang kawayan, nalampasan niya ang mga unos na nagtangkang bumali sa kanyang rebolusyonaryong tindig.

- - -

*Si Ka Wayan at lima pang mga kasama ay nagbuwis ng buhay sa isang depensibang labanan sa Brgy Bagong Silang II sa Labo, Camarines Norte noong Abril 20, 2002. Kapapakat lamang niya sa bagong gawain.*





# *Ka Sisa*

**maria graziella miranda**

Makwento, masayahin at madaling makapalagayang-loob ng masang magsasaka at mga kasama.

Marso 1997, unang pagkakataon niyang maka-regroup sa mga kasama sa kanayunan. Mabilis siyang naka-integra sa mga pulang mandirigmang kanyang nadatnan sa sonang gerilya. Tandang-tanda pa ng mga kasama ang masiglang huntahan noong hapong dumating siya sa yunit. Masayang kantahan ang pinagsaluhan nila matapos makapag-hapunan.

Mahusay ang kanyang integrasyon sa kanayunan, at makalipas lamang ang ilang linggo, siya ay nagpasya nang magpultaym sa Hukbo. Nagpaalam lamang siya sa mga kasama na gusto niyang makapagpaalam ng pormal sa kanyang mga kapamilya, kaya lumabas upang makausap ang kanyang magulang at kapatid.

Hulyo 15, 1997, iniwan na niya ang pamantasan, kung saan siya unang nakisangkot sa pakikibaka, upang lubos na mag-alay ng sarili para sa paglilingkod sa sambayanan. Buo ang loob na harapin ang kahirapan at sakripisyo sa pagyakap sa armadong pakikibaka.

Mabilis ang kanyang naging pampulitikang pag-unlad, ilang buwan lamang mula nang marekluta siya sa *Kabataang Makabayan*, sapol na niya ang kahalagahan ng lubusang pag-aalay ng kanyang sigla, talino at talento para sa

pakikibaka. Aktibo siyang lumahok sa mga pagkilos para sa pagtatanggol ng demokratikong mga karapatan ng kabataang estudyante. Hindi lamang sa *UP* nakahon ang kanyang pagkilos bilang aktibista, pinagsikapan niyang maabot ang pag-oorganisa sa mga kabataan sa iba pang pamantasan sa Kamaynilaan. Lalo pang nagpukaw sa kanyang damdaming makapaglingkod ang nakitang kalagayan ng mga maralitang lungsod at mga manggagawang nasa piketlayn.

Noong 1996, pinangunahan niya ang pagmobilisa sa mga kabataang Bikolano na nag-aaral sa Kamaynilaan para sa masiglang protesta laban sa mapaminsalang pagmimina sa Bikol. Mahusay niyang pinamunuan noon ang alyansang *UMALPAS-KA*.

Kahanga-hanga ang kanyang pursigido at masiglang pagkilos. Ni minsan ay hindi nawala ang kanyang matamis na ngiti at masasayang halakhak kahit sa mga pagkakataong nakakapagod ang gawain. Lagi ring naaalala ng mga dating kaeskwela at kakolektibo sa sektor ng kabataan-estudyante ang kanyang nakakabighaning pagkanta. Labas pa sa *College of Music*, naging ekstensyon ang mga tambayan at pagtitipon sa kanyang ekspresyon ng pulitika sa pamamagitan ng musika.

**Responsableng Kasama**

Pursigido sa mga gawain, walang inatrasang obligasyon. Kahit nang baguhan pa lamang siya sa kilusan, lubusan na niyang ibinuhos ang sarili sa paggampan sa mga nakatakdang gawain. Simula't sapul, buo ang kanyang komitment sa pagrerebolusyon. Naging natural lang sa kanya ang pagpapasyang magtungo sa kanayunan, bilang katuparan ng kanyang komitment.

Kaya nang imbitahan siya sa Partido noong Hunyo 1998 sa Maynila, walang pag-aatubiling tinanggap niya ang responsibilidad bilang kandidatong kasapi. Sa isang sonang gerilya na sa Albay sumumpa si Ka Sisa bilang ganap na kasapi ng Partido.

Mula Hulyo 1998, buong sigasig siyang gumampan bilang kasapi ng Komiteng Seksyon sa Platun. Kasabay siya sa yunit sa gawaing masa na kumilos sa erya ng SDG (sentro de grabidad) ng isang larangang gerilya sa Albay. Dito na siya pinanday sa mga gawaing pang-organisasyon na buong tiyaga niyang

pinagsikapang matutunan sa pang-araw-araw na pakikibaka.

Kinakitaan siya ng masinop na pagpapahalaga sa pagtatala at pagsisistematisa ng gawaing pag-oorganisa sa erya. Isa sa mga prinoyekto niya ang pagkumpleto at pag-*update* ng mga *masterlist* ng mga binuong saligang organisasyong masa at mga edukasyong masang nailunsad sa mga baryong saklaw.

**Mahusay na medik ng bayan**



**Malaking kaluwagan na sa loob ng masa ang pagkakaroon ng Hukbong tunay na nagmamalasakit sa kanila.**

Likas sa kanya ang pagiging maalalahanin at mapag-aruga sa masa at kasamang may karamdaman. Matapos siyang makadalo sa *Batayang Pagsasanay sa Kursong Medikal*, mahusay niyang hinubog ang kakayahan sa praktika. Masinop din siya sa pagbabasa ng mga libro para sa karagdagang kaalaman.

Bukambibig ng masang magsasaka ang dentista at doktora na kanilang nakilala at minahal. Marami ang humanga sa maalalahaning kasamang nag-akyu at nag-opera ng kanilang *cysts*. Sa mga baryo sa Guinobatan at Ligao sa Albay, kung saan siya kumilos, nakaukit sa puso ng masang napaglingkuran ang kanyang mapagkasamang pag-aruga.

Mabigat man ang kanyang dala-dalang pak, lagi niyang bitbit ang pang *BP* at *medicine bag*. Laging handang magbigay ng serbisyo sa kanyang mga pasyente. Matiyaga siyang nagturo ng pag-akyu at nagpapaliwanag ng syentipikong paraan ng pag-iwas sa sakit at pangangalaga ng kalusugan. Sa pinakasimpleng paraan, naibahagi niya ang mga kaalaman at kasanayan sa mga masang magsasaka.

Banggit pa ng kasamang naging kakolektibo niya, “Mahusay na isinabuhay ni Ka Sisa ang linyang masa. Malapit sa masa pagkat madali niyang makuha ang loob ng masang nakakasalamuha niya. Kaya naman hinahanap-hanap siya

ng masa sa erya. Iniiyakan pa nga ‘yun ng mga kababaihang magsasaka.”

**Masayahing manggagawang pangkultura**

Bahagi na ng kanyang buhay at pakikibaka ang masining na pamamaraan ng pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan sa kanayunan. Walang sawa niyang hinikayat ang mga kasama niya sa yunit na magpraktis ng mga kanta at tula para maitanghal sa mga pulong pag-aaral. Ang mga libreng oras ng mga kasama ay ginugol sa masisiglang talakayan. Sa mapanghikayat na manera, pinagsikapan nila sa kolektibo ang pagpapanday ng mga hukbong pangkultura.



Kantahan at tugtugan ng mga rebolusyonaryong awit - nakagawian na ng mga kasama habang nagpapahinga.

Ang kanyang hilig sa pagdrowing ay makabuluhang nahasa para maging epektibong guro sa kanayunan. Sa kanyang mapamaraang paggamit ng mga drowing bilang biswal sa pagtuturo, hindi naging limitasyon sa pag-aaral ang kahinaan sa literasiya ng kanyang mga mag-aaral na magsasaka. Sa makukulay na larawan at drowing, naipabatid niya sa simpleng paraan ang malalim na ugat ng kahirapan ng aping mamamayan. Maging sa pagtuturo ng mga pampartidong pag-aaral, mapanlikha niyang namaksimisa ang kanyang kakayahan sa pagdrowing.

Tandang-tanda pa ng kanyang mga kakolektibo ang matiyaga niyang pagsusulat, kahit gasera lamang ang ilaw upang mapagbigyan ang mungkahi ng isang kasama na ikopya niya ng mga rebolusyonaryong awitin.

Buong sigasig din niyang hinikayat ang mga kasama na maglabas ng mga polyeto at mag OP-OD para maiparating ang rebolusyonaryong propaganda maging sa masang nakatira sa tabing haywey.

Palibhasa’y lumaki sa isang pamilyang mahilig sa musika at sining, kaya

maging nang nasa kanayunan na siya, tangan niya ang marubdob na pagbabahagi sa iba ng pagmamahal sa sining at panitikan. Syempre, naging malinaw na sa kanya na ito ay makapangyarihang instrumento sa pagbabago ng lipunan.

### Isang Komunistang Ina

Taong 2000, isinilang ang kanyang panganay na anak sa bahay ng isang kaibigan at kaalyado. Malayo sila sa piling ng mga kapamilya bagaman labis-labis ang kagustuhan ng mga ito na alagaan siya sa panahon ng panganganak, hindi ipinahintulot ng kalagayang panseguridad. Sa panahong yaon, tukoy na ng kaaway ang kanyang identidad matapos makuha ang kanyang ID sa naiwang pak sa isang labanan sa Brgy Tastas, Ligao City. Para sa kaligtasan nilang mag-ina, maluwag niyang hinarap ang kalagayang ito. Minaksimisa pa niya maging ang panahong naghihintay siyang manganak. Nagbigay siya ng pag-aaral sa LRP (Lipunan at Rebolusyong Pilipino) sa mga taong nangalaga sa kanya.



**Bilang ina, ibinubuhos ni Ka Sisa ang pangungulila sa kanyang anak sa pag-aruga sa mga anak ng masa.**

Pagkapanganak, muli silang bumalik sa kanayunan. Lubos siyang nagtiwala sa masang nag-aruga sa kanilang mag-ina.

Isang buwan pa lamang ang sanggol nang mawalay ito sa kanyang ina. At dahil na rin sa kilos ng kaaway sa lugar, mas minabuti ni Ka Sisa na ihabilin na ang kanyang anak sa mag-aalaga nito. Pumakat na kaagad siya sa yunit upang makagampan ng gawain. Umangkop na lamang siya sa hinihingi ng kalagayan, pero ni minsan hindi siya nagreklamo bagamat minsa'y hirap pa siya sa kilos gerilya. Umagapay naman ang kanyang kolektibo para matulungan siya.

Sa gitna ng mga gawain, nagsikap sana silang mag-asawa na makita ang kanilang mahal na anak, ngunit ilang beses itong naipagpaliban dahil sa problema sa seguridad. Bagamat nagtangis at ilang gabing balisa ang kanyang damdaming ina, wala siyang ibang inalala kundi ang malagay sa mahusay ang

kanyang anak. Pinapanatag niya ang sarili sa diwa ng pagsasakripisyo ng isang ina para sa paglilingkod sa lahat ng anak ng aping bayan. Minsa'y binanggit niya sa isang kasamang kapareho niya isang ina, "balang araw mauunawaan tayo ng ating mga anak…"

Buong tatag niyang hinarap ang sakripisyo ng isang komunistang ina.

\- - -

*Si Kasamang Graziella Miranda ay pinaslang ng pasistang mga elemento ng 22nd IB matapos siyang madakip bago mangyari ang isang bigong pagkubkob ng kaaway sa base ng mga kasama sa Sityo Tagbak sa Brgy Bololo, Guinobatan, Albay noong Hunyo 10, 2001. Napaatras ng magigiting na pulang mandirigma ang mga militar dahil sa mahusay na depensa. Namatay ang dalawang kaaway na nasa asolt matapos magkontra-atake ang isang iskwad ng mga kasama upang ireskyu si Ka Sisa.*





*Umaagos sa mga pahina ng librong ito ang mga kwento ng buhay at pakikibaka ng mga bayani ng sambayanan. Ang koleksyong ito ng labing-isang talambuhay ng mga Bikolanong rebolusyonaryong walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buhay para sa masa, ay bukal ng inspirasyon at dalisay na pag-aambag sa kasaysayan.*

*Ihinandog nila ang mga sarili at naglakbay pa-iraya, tinahak ang landas ng pakikibaka tangan ang dalisay na hangaring itaguyod ang kapakanan ng masa. Sa kanilang mga kwento ay pumapalaot ang mga agos sa kasaysayan ng pagpupundar at pagpapalawak hanggang maging makapangyarihang daluyong ang rebolusyon sa Bikol.*

*Sa ika-40 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM), ibinabandila natin ang mga rebolusyonaryong katangian na siyang ubod ng bawat tagapaglingkod ng sambayanan. Pinagpupugayan din ng librong ito ang lahat ng mga bayani at martir ng rebolusyong Pilipino na lubos ang naging pag-ambag upang makapaglikom ng lakas at dunong ang aping mamamayan.*

